IslamHouse.com

مركز أصول Osoul Center www.osoulcenter.com



PHILIPPINE
PILIPINO
فلبيني

# ANG TATLONG SALIGAN KASUNOD NITO ANG APAT NA PANUNTUNAN


Sinulat ni Shaikhul Islam
**Mohammad bin Sulaiman At-Tamimi**

Isinalin sa Wikang Pilipino (Tagalog) ni
**Ahmad Jibreel Salas**

Sinuri ni
**Mohammad Taha Ali**

PHILIPPINE
PILIPINO
فلبيني

# الأصول الثلاثة
# ويليها
# القواعد الأربع


كتبه شيخ الإسلام محمد بن سليمان التميمي

ترجمة

أحمد جبريل سالاس

مراجعة

محمد طه علي

Osoul Center
www.osoulcenter.com

This book is the property of the Osoul Center. Permission is granted for it to be stored, transmitted, and published in any print, electronic, or other format - as long as the Osoul Center is clearly mentioned on all editions, no changes are made without the express permission of the Osoul Center, and a high level of quality is maintained.

+966 504 442 532
+966 11 445 4900
+966 11 497 0126
P.O.BOX 29465 Riyadh 11457
osoul@rabwah.com
www.osoulcenter.com

بسم الله الرحمن الرحيم

Sa Ngalan ng Allah
Ang Mahabagin,
Ang Maawain



# ANG MGA NILALAMAN


| | |
|---|---|
| PANIMULANG SALITA (Ng Tagasalin) | 9 |
| ANG TATLONG SALIGAN KASUNOD NITO ANG APAT NA PANUNTUNAN AT ANG PANINIWALA NG MGA SINAUNA | 13 |
| ANG APAT NA ALITUNTUNIN | 49 |
| ANG MGA PINANININDIGANG PANINIWALA NG MGA SALAF AS-SALIH (Mga Sinaunang Mabubuting Muslim) | 59 |



# PANIMULANG SALITA
## (Ng Tagasalin)

Ang Kadakilaan at Kaluwalhatian ay para lamang sa Allah at nawa'y ang Kapayapaan at Pagpapala ng Allah ay ipagkaloob sa Kanyang Huling Sugo (Muhammad ﷺ). Isang karangalan at dakilang gawain ang magsalin ng mga magagandang lathalain ng mga pinagpipitaganang Muslim iskolar, na ang tanging layunin sa buhay ay ibantayog ang Tawheed (Kaisahan ng Allah) at palaganapin ang tunay (at tamang) prinsipyo at paniniwala (Aqeedah) sa bawa't Muslim at itakwil at ilantad ang anumang lihis sa tunay na aral ng Islam.

Ang relihiyong Islam ay isang pangkalahatang mensahe na batay sa prinsipyo (Aqeedah) ng Pagkilala at Pagsamba nang tuwiran sa Tanging Isang Tunay na Diyos (Allah). Ang Islam ay hindi nagbibigay ng pagtatangi-tangi sa mga tagasunod (mananampalataya) nito maging ang kulay ay itim, puti, o ang lahi ay Arabo at di-Arabo. Ang pinakamarangal (at mabuti) sa paningin ng Allah ay yaong mabuti at may mapitagang takot (at tapat na sumusunod o sumusuko) sa Kanya. Ang pangkalahatan(1) ng Islam at ang mga matitibay (maliwanag at makatuwirang) kasagutan para sa mga suliranin ng tao ay nakaakit sa puso ng mga iba na hindi ito kailanman natagpuan o nabigyan ng katuparan ng kanilang relihiyon para sa kanilang ispirituwal na kakulangan. Gayunpaman, ang aming tunay na layunin ay upang bigyan ng katiyakan ang mga yumakap

1 Pangkalahatan (Universality)- ang Islam ay para sa lahat ng sangkatauhan. Magkagayon, anumang lahi ng tao at saan mang pamayanan at panahon, ang Islam ay umuugma at umaangkop sa takbo ng buhay ng bawa't tao. Ito ang nagbunsod sa iba't ibang tao upang yakapin ito at gawing panuntunan sa araw-araw na pamumuhay. Ito rin ang naging inspirasyon ng tao upang sila ay tumahak sa landas ng kabutihan. Katotohanan, sa lahat ng aspeto ng buhay, may magagandang batas at mga aral na dapat isagawa upang makamtan ng isang naghahangad ng kapanatagan at kapayapaan ng kanilang buhay at maging ang paghahanda sa kabilang buhay. (Ito ay karagdagang paliwanag ng tagasalin sa Wikang Pilipino-Tagalog).

sa Islam ng tamang prinsipyo ng pananampalatayang ito. Ang hindi pagsasaalang-alang ng tamang prinsipyo ng Islam ay nagbibigay daan para sa bagong Muslim upang ito ay lumihis tungo sa kamay ng ibang naliligaw na pangkat o samahan ng mga Muslim.

Sa aking mga kapatid na Muslim (lalaki man o babae), ang aklat na nasa inyong kamay ngayon: "**Ang Tatlong Saligan"** ay unang isinulat ni **Shaikhul Islam Mohammad bin Sulaiman At-Tamimi**, nguni't pagkaraan ay ginawa sa paraang Tanong-Sagot na kaayusan ni **Shaikh Mohammad At-Tayyib Al-Ansari Al-Madani**. Sa abot ng aking kakayahan at katapatan ay pinilit kong sumunod sa diwa nito batay sa wikang Arabik na sa katotohanan ay imposibleng maisaayos mula sa wikang Arabik na hindi kasasangkutan ng paglihis sa istilo at kagandahan nito. Gayunpaman, pinahalagahan ko na mapanatili ang tunay na paksa at kahulugan ng mensahe upang ipalaganap ito nang walang pagkukulang.

Bagaman ang mga talababa (footnotes) ay hinango mula sa Arabik na paksa ng Apat na Pamantayan (four rules), aking isinaalang-alang ang katotohanan na ang mga mambabasa ay hindi sanay sa mga Arabik-Islamikong konsepto at kahulugan. Samakatuwid, ako na mismo ang nagbigay ng mga talababa sa unang kabanata ng aklat na ito-"**Ang Tatlong Saligan"**. At sa pamamagitan ng pagpapaliwanag at pagpupuna ng mga ibang paksa ng mga sumunod na kabanata ay napag-isipan ko na ito ay lubhang kailangan upang ganap na maunawaan ang mga pangungusap o mga pahayag at salaysay. At ang pagbanggit ng mga pangyayari na makapagbibigay ng katuwiran upang ang mga rebelasyon ng naturang talata o pagpapaliwanag ng mga komentaryo at ang kahulugan ng ibang terminolohiya katulad halimbawa ng **At-Taghut, Hunafa o As-Samad** ay ganap ding maunawaan.

Katulad ng aking nabanggit, ang paksang Arabik ay may mga talababa na ang mga ilan ay isinulat ng tagapaglimbag, **M**. **Melibari,** at ang iba naman ay mula kay **Shaikh Mohammad Munir Al-Dimashqi**. Sa pagsunod sa matalinong pagtitiwala at pagkakilanlan sa pagitan ng iba't ibang pangkat ng mga talababa (footnotes), nilagyan ko ng palatandaan ang mga talababa ng mga naunang naglimbag nito sa pamamagitan ng asterisko at ang kay **Shaikh Al-Dimashqi** ay sa pamamagitan ng unang titik ng kanyang pangalan **(M.D.)**, samantalang ang aking sariling talababa (footnotes) ay binigyan ko ng palatandaan sa pamamagitan ng unang titik ng aking pangalan **(M.M.)**.





Idinadalangin ko sa Allah, ang Panginoon ng lahat ng (nilikha) daigdig na tanggapin nawa Niya ang panahong ginugol natin dito at idagdag ito sa talaan (ng mabubuting gawa) sa Araw ng Paghuhukom, ito ang araw na ang yaman o mga anak ay hindi makatutulong maliban sa taong humarap sa Allah na may mabuting puso.

M. Murad (English Translator)
Jumada Al-Awwal 1410
December, 1989
BC Canada.



# ANG TATLONG SALIGAN KASUNOD NITO ANG APAT NA PANUNTUNAN AT ANG PANINIWALA NG MGA SINAUNA

Tayo ay humingi ng tulong sa Allah, at magsumamo sa Kanya na pagpalain at bigyang karangalan ang ating Propeta Muhammad (ﷺ), ang kanyang pamilya, mga kasamahan at lahat ng kanyang mga tagasunod.

**Tanong:** Ano ang mga paksa na dapat matutuhan ng bawa't isa?

**Sagot:**

1. Ang **Kaalaman** tungkol sa Allah, sa Kanyang Propeta (ﷺ) at sa relihiyong Islam batay sa mga katibayan mula sa Banal na Qur'an.
2. Ang **Pagsasakatuparan** ng Kaalaman[1].
3. Ang **Pagpapalaganap** ng Kaalamang ito.
4. Ang **Pagtataguyod** ng (Kaalaman) na may kaakibat na Pagtitiis (at pagpapakasakit) sa anumang bunga na kasasapitan nito.[2]

---

1 Mahalagang maunawaan ang kahulugan ng "Pagsasakatuparan" sa paksang ito lalo na tungkol sa Allah. Una sa lahat, ang Allah ay Siyang Tanging Nag-iisang tunay na Diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng tapat at wagas na pagsamba, pagmamahal at pagsunod. Ikalawa, Siya ang Tanging Tagapaglikha na inaasahan ng lahat ng nilikha bilang Tanging pinagkukuhanan ng kabuhayan. Ikatlo, ang mga Banal na Katangian at Magagandang Pangalan ng Allah ay hindi maaaring iakibat o iugnay sa kaninumang mga nilikha. Ang pagpapatupad ay nangangahulugan din na ang Allah, Luwalhati sa Kanya, ang Kataas-taasan, ay ganap na malayo sa anupamang kakulangan o kagahulan, at walang anumang bagay ang maihahalintulad sa Kanya. Ang pagpapatupad sa pagkakaroon ng kaalaman tungkol kay Propeta Muhammad (ﷺ) ay nangangahulugan ng pagmamahal at paggalang sa kanya nang higit sa kaninumang nilikha at ang pagsunod sa kanyang mga Sunnah (Salaysay), at bigyang katiyakan na ang mga ito ay manguna o mangibabaw kaysa sa mga opinyon lamang ng iba sa lahat ng pagkakataon. (M.M.)

2 Ang isang Muslim ay nararapat na balikatin ang tungkuling ito nang may pagtitiis habang isinasakatuparan ang lahat ng uri ng pagsamba, umiiwas mula sa mga gawaing pagsuway at tumatalikod sa anumang pagnanasang masama. Ang mga pighati at dagok ng buhay ay nangangailangan din ng katatagan at pagtitiis sa pagharap ng mga pagsubok na ito.

**Tanong:** Anong katibayan mula sa Banal na Qur'an tungkol sa paksang binanggit sa itaas?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah:

**{Ako ay sumusumpa sa (pamamagitan ng) Panahon.[1] Katiyakan, ang tao ay nasa kawalan. Maliban lamang sa mga maniniwala (sa Allah) at gumawa ng mabubuting gawain, at nagpapayuhan sa bawa't isa ng katotohanan, at nagpapayuhan sa bawa't isa ng pagtitiis}. [Qur'an 103:01-03]**

**Tanong:** Ano ang sinabi ni Imam Ash-Shafi`i tungkol sa binanggit na **Surah** (kabanata) na ito?[2]

**Sagot:** Siya ay nagsabi: "Kung ang Surah na ito lamang ang ipinahayag ng Allah para sa Kanyang mga alipin (tao), ito ay sapat na para sa kanila."[3]

**Tanong:** Ang pagpapatupad o pagsasagawa ba ay dapat na mauna kaysa sa Kaalaman?[4]

**Sagot:** Ang Kaalaman ay nararapat na mauna kaysa sa pagsasakatuparan at pagsasagawa. Ito ay batay sa nakasaad na kautusan ng Banal na Qur'an:

**{Kaya, dapat mong malaman na walang ibang Diyos (na dapat sambahin) maliban sa Allah, at humingi ka ng kapatawaran para sa iyong kasalanan, at para sa mga naniniwalang lalaki at mga naniniwalang babae…}. [Qur'an 47:19]**

1 Ito ang matibay na panunumpa na pinanindigan at ginawa ng Allah at nagbigay paliwanag na yaon lamang na mayroong tamang pananampalataya (at pananalig sa Kanya) at gumagawa ng mabubuting gawain ang magkakaroon ng tagumpay. Ito rin ay nagpahiwatig ng mga katibayan sa apat na paksang tinalakay sa itaas na pahina: 1, ang Kanyang Salita na "Yaon lamang na may tamang pananampalataya" ay tumutukoy sa tamang kaalaman at pagkilala tungkol sa Kanya, sa Kanyang Propeta (ﷺ) at sa relihiyong Islam. Ang "Mabubuting gawain" ay tumutukoy sa pagsasakatuparan, at "Nagpapayuhan sa bawa't isa na tanggapin ang katotohanan" ay tumutukoy sa pagpapalaganap ng kaalaman. At "Nagpapayuhan (na balikatin) ng may pagtitiis" ay pagpapakasakit na bunga ng pagpapalaganap at pagpapahayag ng katotohanan.

2 Ayon kay Ibn Kathir

3 Si Ibn Kathir ay nagbigay ng magkatulad na puna ni Ash-Shafi`i sa kanyang pagbibigay paliwanag tungkol sa Surah (Kabanata) na ito. "Kung ang mga tao ay isaalang-alang ang kahulugan ng Surah na ito, sapat na ito para sa kanila." Si Ibn Kathir ay nagbigay ng paliwanag tungkol sa sinabi ni Ash-Shafi`i: "Sapagka't ito ay naglalaman ng buod ng katangian ng paksang tinatalakay nito." (M.M.)

4 Ito ay nangangahulugan na ang isang Muslim ay nararapat munang humanap at magsikhay ng tamang kaalaman bago magbigay ng pananalita o di kaya bago magsagawa ng anumang pangrelihiyong gawain o rituwal. Halimbawa, ang isang tao ay nararapat munang matutuhan ang patakaran at pamamaraan ng pagdarasal bago magsimulang magsagawa nito. Samakatuwid, ang kaalaman ay nararapat na mauna kaysa sa pagsasakatuparan o pagsasagawa nito. (M.M.)





Si Imam Al-Bukhari ay nagbigay puna sa **Ayah** (talata) na nabanggit sa itaas at nagsabi: **"Sinimulan ng Allah ang Ayah sa pamamagitan ng kautusang pagkuha ng kaalaman at pagkaraan ay sinundan ito ng kautusang pagsasakatuparan nito."[1]**

**Tanong:** Ano ang tatlong paksa na dapat malaman (o matutuhan) at dapat isaalang-alang (at tuparin)?

**Sagot:** **Una**, tayo ay nilikha ng Mahabaging Allah, binigyan ng mga wastong pamamaraan upang mabuhay nang matuwid, at hindi tayo pinabayaan at iniwan sa gitna ng kamangmangan. Ang Mahabaging Allah ay nagpadala ng Sugo (Muhammad ﷺ). Sinuman ang tumalima at sumunod sa Sugo ay tatanggapin sa **Jannah** (Paraiso**)** at sinuman ang hindi sumunod sa kanya ay papasok sa Jahannam (Impiyerno). **Ikalawa**, hindi pinahihintulutan ng Allah ang sinuman na mag-alay ng pagsamba sa iba bukod sa Kanya; maging ito ay anghel na malapit sa Kanya (Allah) o dili kaya sa ipinadalang Propeta. Samakatuwid, **tanging ang Allah lamang ang dapat sambahin at wala nang iba pa**. **Ikatlo**, sinuman ang sumunod (at tumalima) sa Sugo (ﷺ) at maniwala (at sumampalataya) sa Kaisahan ng Allah ay hindi pinahihintulutang makipagkaibigan sa mga nagtatakwil (at di-naniniwala) sa Allah at sa Kanyang Sugo (ﷺ) maging ito man ay pinakamalapit na kamag-anak.

**Tanong:** Ano ang katibayan tungkol sa **unang** paksang binanggit sa itaas?

**Sagot:** Ang Allah ay nagsabi mula sa Banal na Qur'an:

**{Katotohanang Kami ay nagpadala sa inyo ng isang Sugo**

1 Halimbawa, ang isang tao ay hindi maaaring magdasal **hanggang hindi niya natutuhan ang pamamaraan ng pagsasagawa ng pagdarasal. Maraming mga bansang Muslim na ang Batas ng Allah ay hindi ipinapat**upad. Ang mga ilang pangkat ng Muslim ay naniniwala na sa pamamagitan ng kudeta, at kung ang pinuno ng pamahalaan ay napatay, maaaring ipatupad ang Batas ng Allah sa madaling panahon. Upang makapagtatag ng tunay na Islamikong pamahalaan, ang mga nasasakupang mamamayan ay dapat munang nakahandang tanggapin ang Islamikong pamahalaan, maging ang panloob at panlabas na aspeto nito. Ang pinakamagandang halimbawa ay si Propeta Muhammad (ﷺ). Siya ay hindi nagtatag ng Islamikong pamahalaan hanggang hindi siya lumisan patungong Madinah. Tiniyak muna niya na ang mga tao ay may tamang Aqeedah (o Pananalig) at tinanggap ang tamang kaalaman, at nang nasa Madinah na siya, saka lamang nakapagpatayo ng Islamikong pamahalaan. Ito ay isang katotohanan na ang mga bersikulo (talatang) naipahayag sa Makkah ay humahalaw sa mga prinsipyo ng **Tawheed** (Kaisahan ng Allah), samantalang sa Madinah ang mga **Ayat** (talata) ay humahalaw tungkol sa mga gawain ng **Ibadah** (o pagsamba) at pagsasakaturapan. (M.M.)

**(Muhammad ﷺ) bilang saksi sa inyo katulad ng pagpapadala Namin ng Sugo kay Fir`awn (Paraon). Nguni't sinuway ni Fir`awn ang Sugo.[1] Kaya, siya ay Aming pinatawan ng kasakit-sakit na parusa}. [Qur'an 73:15-16]**

**Tanong:** Ano ang katibayan sa Banal na Qur'an tungkol sa **ikalawang** paksang binanggit sa itaas?

**Sagot:** Ang Salita ng Dakilang Allah:

**{At katotohanang ang mga Masjid[2] ay para sa Allah lamang, kaya, huwag kayong manalangin (o mag-ukol ng anumang uri ng pagsamba) sa kaninumang iniaakibat sa Allah (bilang Kanyang katambal)}. [Qur'an 72:18]**

**Tanong:** Ano ang katibayan mula sa Banal na Qur'an tungkol sa **ikatlong** paksang binanggit sa itaas?

**Sagot:** Ang Salita ng Dakilang Allah:

**{Wala kang matatagpuang mga taong naniniwala sa Allah at sa Huling Araw na nagmamahal sa sinumang nagtatakwil sa Allah at sa Kanyang Sugo (Muhammad ﷺ), maging sila man ay kanilang mga magulang o kanilang mga anak o kanilang mga kapatid o kanilang mga angkan. Silang yaon ay nagtanim ang Allah sa kanilang mga puso ng Iman (pananampalataya)…}. [Qur'an 58:22]**

**Tanong:** Ano ang **Hanifiyah**[3] na relihiyon ni Propeta Ibrahim (Abraham)?

**Sagot:** Ang ihandog nang buong katapatan ang lahat ng uri ng pagsamba sa Allah lamang. Ito ang kautusan at tagubilin ng Allah sa lahat ng tao, at dahil sa kautusang ito, ang tao at jinn ay Kanyang nilikha.

---

1 Si Propeta Moises ang Sugo na ipinadala kay Fir`awn (Paraon). (M.M.)

2 Ang **Masjid** ay isang salitang Arabik para sa mga "Pook ng pagsamba at dalanginan" na sa kahulugan ay kinabibilangan ng mga moske, sinagoga, templo o tabernakulo na ginagamit ng mga taong may pinanghahawakang Banal na kasulatan. Ang Allah ang may Ganap na Kaalaman. (M.M.)

3 **Hanifiyah**: Ang paglisan sa maling relihiyon o pananampalataya tungo sa tunay na pananampalataya-ang Islam, at ang patuloy at katatagan ng pagsunod dito. (M.M.)
Ang Hanifiyah ay nangangahulugan ng wagas na pagsamba lamang sa Tanging Isang Tagapaglikha. At ito ay natatanging aral ni Propeta Abraham. (Karagdagan ng Tagasalin sa Pilipino).





**Tanong:** Ano ang katibayan mula sa Banal na Qur'an tungkol sa nabanggit na paksa?

**Sagot:** Ang Salita ng Dakilang Allah:

**{At hindi Ko nilikha ang Jinn[1] at Tao, maliban na sila ay sumamba (lamang) sa Akin}. [Qur'an 51:56]**

**Tanong:** Ano ang ibig sabihin ng **"Sumamba (lamang) sa Akin?"**

**Sagot:** Ang maniwala sa ganap na Kaisahan ng Allah, ang maniwala na ang Allah ang Siyang Tanging Diyos na nagbigay Kautusan sa kanila at Siyang Tanging Diyos na nagtakda ng mga ipinagbabawal sa kanila.

**Tanong:** Ano ang pinakadakilang bagay na ipinag-uutos ng Allah?

**Sagot:** Ang **Tawheed** o **Kaisahan ng Allah**.

**Tanong:** Ano ang **Tawheed** o **Kaisahan ng Allah**?

**Sagot:** Ang **Tawheed** o **Kaisahan ng Allah** ay ang pagpapahayag na ang Allah lamang ang bukod-tanging Diyos na nararapat na sambahin nang makatotohanan at tanggapin (kilalanin) ang Kanyang mga Katangian na Siya mismo sa Kanyang Sarili ang naggawad (at nagtaglay) at ang mga katangiang binanggit ng Kanyang Sugo (ﷺ). Ang **Tawheed** ay paniniwala na ang Allah ay malayo sa anumang kakulangan sa katangian at ang mga katangiang taglay Niya ay likas at tanging sa Kanya lamang at malayo sa **Huduth**[2] (walang pagkakahalintulad sa Kanyang mga nilikha.

**Tanong:** Ano ang pinakamalaking bagay na ipinagbawal ng Allah?

**Sagot:** Ang **Shirk** o **Politeismo** (Idolatriya o pagbibigay katambal sa Kaisahan ng Allah).

---

1 **Jinn:** Ito ay isang uri ng nilikha ng Allah na mayroong sariling daigdig. Sila ay nilikha ng Allah mula sa Apoy, samantalang ang tao ay nilikha mula sa alabok at ang mga Anghel ay nilikha mula sa liwanag. Katulad ng tao, ang mga Jinn ay may kalayaan ding gumawa ng mabuti at masama. At mayroon din silang kalayaang mag-ibang anyo. Sila ay mayroon ding pananagutan sa Araw ng Paghuhukom.

2 **Huduth,** ayon sa Lane's Lexicon, ay may dalawang uri, ang isa ay nauukol sa panahon na nagpapahiwatig na ang isang bagay ay nagsimula sa kawalan ng buhay, o ito ay nagkaroon ng buhay pagkaraan ng kawalang anupaman, at ang ikalawa ay ang kahalagahang Huduth, na ang buhay ng isang bagay ay nakasalalay sa isang may buhay upang patuloy na mabuhay. Ang dalawang uri na ito ay hindi maaaring iugnay o iakibat sa Dakilang Allah, sapagka't ang Kanyang taglay na Katangian ay Ganap at hindi nakasalalay o umaasa sa sinuman o anupaman. (M.M.)

**Tanong:** Ano ang **Shirk** (Politeismo)?

**Sagot:** Ito ay ang gawang-pagsamba sa mga huwad o diyus-diyusan na iniuugnay o itinatambal sa Tunay na Diyos (Allah) at ang pagbibigay karibal sa Allah gayong Siya lamang ang Tanging lumikha sa lahat ng bagay.

**Tanong:** Ano ang katibayan tungkol sa nabanggit na paksa sa itaas?

**Sagot:** Ang Salita ng Dakilang Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{At sambahin ninyo ang Allah at huwag kayong magbigay (ng anumang) katambal sa Kanya (sa pagsamba)…} [Qur'an 4:36]**

At sinabi pa Niya:

**{…Kaya, huwag kayong magtakda ng anumang mga kawangis sa Allah…}. [Qur'an 2:22]**

**Tanong:** Ano ang tatlong saligan (o pangunahing prinsipyo) na dapat ingatan ng tao?

**Sagot:** **Una**, dapat malaman (at makilala) ng tao ang kanyang tunay na **Rabb**[1] (Panginoon), **Ikalawa**, ang kanyang relihiyon, at **Ikatlo**, ang kanyang Propeta (Muhammad ﷺ).

**Tanong:** Sino ang iyong **Rabb** (Panginoon)?

**Sagot:** Ang aking **Rabb** (Panginoon) ay ang Allah, na Siyang nangalaga at nagbigay buhay sa akin at sa lahat ng tao at Jinn sa pamamagitan ng Kanyang mga biyaya. Siya ang aking sinasambang Diyos, at wala ng iba pa.

**Tanong:** Ano ang katibayan nito?

1 **Rabb**: Ang katagang Rabb ay kadalasang isinasalin ng iba bilang katumbas ng salitang Panginoon (Lord). Subali't, bukod sa katotohanang ang huli ay isang katagang ginamit sa Bibliya, ang katagang ito ay ginagamit din kapag tinutukoy si Propeta Hesus na itinuturing ng karamihan sa Kristiyano bilang kanilang Panginoon. Ang salitang Panginoon (Lord) ay isang kataga na ang karaniwang kahulugan nito ay nakahangga lamang sa isang "guro, pinuno, may-ari o tagapamahala", na sadyang kapos at kulang sa diwa o kahulugan kung ihahambing ito sa katagang Rabb, sapagka't ang Rabb (na mula sa wikang arabik) ay mayroong malawak na kahulugan at kahalagahan. Ang ilang mahahalagang kahulugan ng Rabb ay ang Tagapaglikha, ang Tagapaghubog (Tagapag-anyo), ang Tagapanustos, ang Tanging Isa na inaasahan ng lahat ng mga nilikha upang patuloy na mabuhay, at Siya ang Tanging Isa na nagbibigay ng Buhay at nagdudulot ng Kamatayan. Sa aklat na ito, gagamitin natin ang katagang Rabb na may panaklong na (Panginoon) upang maging madali sa mga mambabasa.





**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{Ang lahat ng papuri at pasasalamat ay sa Allah lamang, ang Rabb (Panginoon) ng lahat ng nilikha}. [Qur'an 1:01]**

Lahat ng bagay maliban sa Allah ay itinuturing na nilikha. At ako, bilang tao, ay isa sa Kanyang mga nilikha.

**Tanong:** Paano mo nakilala ang iyong **Rabb** (Panginoon)?

**Sagot:** Nakilala ko Siya sa pamamagitan ng Kanyang mga nilikha at mga palatandaan: halimbawa ang gabi, ang araw, ang buwan, ang mga kalangitan at kalupaan, at ng lahat ng nasa pagitan ng mga ito.

**Tanong:** Ano ang katibayan tungkol sa nabanggit na paksa sa itaas?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{At kabilang sa Kanyang mga palatandaan ay ang gabi at ang araw, ang araw at buwan. At huwag kayong magpatirapa sa araw at sa buwan sa halip magpatirapa kayo sa Allah lamang na Siyang lumikha sa kanila, kung tunay ngang Siya lamang ang inyong sinasamba}. [Qur'an 41:37]**

At sinabi pa Niya:

**{Katotohanan, ang inyong Rabb (Panginoon) ay ang Allah na Siyang lumikha sa mga kalangitan at kalupaan sa anim na araw, at pagkaraan, Siya ay pumaitaas[1] sa Kanyang Trono (sa paraang angkop sa Kanyang Kamahalan at Kapangyarihan). Pinapangyari Niyang ang gabi ay kumubli sa araw sa mabilis nitong pagkakasunuran. Ang araw, ang buwan at ang mga bituin, pinapangyari Niya itong sumunod sa Kanyang Kautusan. Katotohanan, (ang gawang) paglikha ay nasa Kanya at ang pagpasiya sa lahat ng pangyayari. Luwalhati sa Allah, ang Rabb (Panginoon) ng lahat ng mga nilikha}. [Qur'an 7:54]**

1 Pumaitaas- ito ay siyang ginamit na salitang pahapyaw mula sa Arabik na salitang Istawa. Ito ay isa sa mga katangian ng Allah. Ang salitang "Istawa" ay madaling maunawaan, nguni't kung paano Siya pumaitaas ay walang sinuman ang may kakayahang ilarawan ito, sapagka't ang pagtatangkang bigyan nang ganap na paglalarawan tungkol dito ay isinasaalang-alang bilang Bid`ah ayon kay Imam Ash-Shafe`i.

**Tanong:** Sino ang **Rabb** (Panginoon)?

**Sagot:** Ang **Rabb** (Panginoon) ay Siyang Kataas-taasang Tagapamahala, ang Nagmamay-ari, ang Tanging Isa na Siyang lumikha sa lahat ng bagay mula sa walang buhay. Siya ang Tanging Isa na nararapat pag-ukulan ng tapat na pagsamba.

**Tanong:** Ano ang katibayan tungkol sa nabanggit na paksa sa itaas?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{O Sangkatauhan! Sambahin ninyo ang inyong Rabb (Panginoon) na Siyang lumikha sa inyo at sa mga (lahing) nauna sa inyo, baka sakaling kayo ay magkaroon ng takot (sa Kanya). Siya ang lumikha para sa inyo ng kalupaan bilang pahingahan at ang kalangitan bilang silungan at nagpaagos ng ulan mula sa kalangitan at mula rito ay sumibol ang mga bungang-kahoy para sa inyong ikabubuhay. Kaya, huwag kayong magtakda ng anumang kapantay sa Allah gayong inyong nalalaman (na Siya lamang ang dapat pag-ukulan ng pagsamba)}. [Qur'an 2:21-22]**

Ang Lumikha ng mga bagay na ito ang Siyang Tanging nararapat lamang pag-ukulan ng **Ibadah** (pagsamba).

**Tanong:** Ano ang **Ibadah** (pagsamba)?

**Sagot:** Ito ang ganap na paglilingkod at (pagpapaalipin), pagsunod na may lakip na katapatan, pagpapakumbaba at diwa ng pagsuko, wagas na pagmamahal at taimtim na pagdakila sa Allah, na Siyang pinagkakautangan ng lahat. Sa madaling salita, ang pagsamba ay isang kahulugan na binubuo ng mga gawain at pananalita na kinalulugdan at pinahihintulutan ng Allah, maging ito ay nakakubli o nakikita.[1]

**Tanong:** Ilang uri ng **Ibadah** (pagsamba) ang ipinag-uutos ng Allah?

**Sagot:** Marami, ang ilan sa mga ito ay ang limang haligi ng Islam, ang anim na haligi ng Iman (paniniwala), ang pagsunod, pagtalima at pagsuko, ang panalangin (pagsusumamo), ang mapitagang takot

1 "**Nakikita"**, ang kahulugan nito ay ang pisikal na paggawa, at **"Nakakubli"** ang kahulugan nito ay ang prinsipiyo at paniniwala ng Islam. (M.M.)





sa Allah, ang palagiang pag-asam o pag-asa ng Kanyang Awa, ang paghingi ng tulong, pangangalaga, panunumpa at iba pang gawang pagsamba na ipinag-uutos at ipinag-aanyaya. Ang lahat ng mga ito ay isinasagawa at iniaalay para sa Kanya lamang.

**Tanong:** Ano ang katibayan tungkol sa nabanggit na paksa sa itaas?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{At tunay ngang ang mga Masjid ay para sa Allah lamang, kaya huwag kayong manalangin (o mag-ukol ng anumang uri ng pagsamba) sa kaninumang iniaakibat sa Allah (bilang Kanyang katambal)}. [Qur'an 72:18]**

At sinabi pa Niya:

**{At ipinag-utos ng iyong Rabb (Panginoon) na huwag kayong sumamba (sa iba) maliban sa Kanya lamang…}. [Qur'an 17:23]**

**Tanong:** Ano ang kahatulan sa sinumang nag-aalay ng anumang uri ng pagsamba sa iba bukod pa sa Allah?

**Sagot:** Ang sinumang nag-aalay ng anumang uri ng pagsamba bukod pa sa Allah, siya ay isang **Mushrik** (nagtatambal sa Allah) at itinuturing na isang **Kafir** (di-naniniwala) kahit pa siya ay nagsasagawa ng Salah (pagdarasal), nag-aayuno, at nagsasagawa ng Hajj (peregrinasyon) o inaangkin niya sa kanyang sarili na siya ay Muslim.[1]

**Tanong:** Ano ang katibayan tungkol sa nabanggit na paksa sa itaas?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{At sinuman ang manalangin sa ibang diyos bilang kaakibat (o katambal) ng Allah na wala siyang patunay tungkol dito; magkagayon, ang kanyang pagtutuos (o pananagutan) ay tanging nasa kanyang Panginoon. Katotohanan, ang mga di-naniniwala ay hindi magtatagumpay}. [Qur'an 23:117]**

**Tanong:** Ano ang katibayan na ang **Du'a** (panalangin) ay isang uri ng pagsamba?

1 Sapagka't, mayroon ding mga Muslim na lumihis sa aral ng Islam, subali't nagsasabi na sila ay mga Muslim. Sila ay naniniwala na ang kanilang Imam o lider ay may kapangyarihan na makapagbibigay ng impluwensiya sa takbo ng buhay (o panahon) dito sa mundo at sa kabilang buhay. (M.M.)

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{At ang inyong Rabb (Panginoon) ay nagsabi: Dumalangin kayo sa Akin, at Aking tutugunin ito para sa inyo. Katotohanan, yaong mga nagmamataas na tumangging sumamba sa Akin ay katiyakang papasok sila sa Impiyerno na mga hamak}. [Qur'an 40:60]**

At ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi:

**"Ang Du`a (panalangin) ay diwa ng pagsamba."** At sa ibang salaysay: **"Ang Du`a (panalangin) ay siyang pagsamba." [At-Tirmidhi, Ibn Majah at Ahmad]**

**Tanong:** Ano ang katibayan na ang **"Taqwa"** (takot) sa Allah ay isang uri ng pagsamba?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{...Kaya, sila ay huwag ninyong katakutan, bagkus Ako ang inyong katakutan, kung tunay ngang kayo ay mga mananampalataya}. [Qur'an 3:175]**

**Tanong:** Ano ang katibayan na ang pag-asam (o paghahangad) ng Awa ng Allah ay isang uri ng pagsamba?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{...Kaya sinuman ang umaasam na makaharap ang kanyang Rabb (Panginoon) ay nararapat gumawa ng mabuting gawa, at huwag siyang magbigay ng anumang pagtatambal sa pagsamba sa kanyang Rabb (Panginoon)}. [Qur'an 18:110]**

**Tanong:** Ano ang katibayan na ang pagtitiwala sa Allah ay isang uri ng pagsamba?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{...At sa Allah kayo (ay) magtiwala kung kayo nga'y tunay na mga mananampalataya}. [Qur'an 5:23]**

At sinabi pa Niya:

**{...At sinuman ang magtiwala sa Allah, Siya (ang Allah) ay sapat na para sa kanya...}. [Qur'an 65:03]**





**Tanong:** Ano ang katibayan na ang paghahangad sa Habag ng Allah at ang takot sa Kanyang parusa at ang pagpapakumbaba sa Kanya ay mga uri ng pagsamba?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{...Katotohanag sila ay lagi nang nag-uunahan sa paggawa ng mga kabutihan. At dumadalangin sila sa Amin nang may pag-asam at pagkatakot, at sila ay nagpapakumbaba ng kanilang mga sarili sa Amin}. [Qur'an 21:90]**

**Tanong:** Ano ang katibayan na ang paggalang na may kalakip na takot ay isang uri ng pagsamba?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{...Kaya huwag ninyo silang katakutan, bagkus Ako ang inyong tanging katakutan...}. [Qur'an 2:150]**

**Tanong:** Ano ang katibayan na ang **Tawbah** (pagsisisi o pagbabalik-loob sa Allah) ay isang uri ng pagsamba?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{At dapat kayong magbalik-loob sa inyong Rabb (Panginoon) at sumuko sa Kanya nang ganap...}. [Qur'an 39:54]**

**Tanong:** Ano ang katibayan na ang paghingi ng tulong sa Allah ay isang uri ng pagsamba?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{Tanging sa Iyo lamang kami sumasamba at tanging sa Iyo lamang kami humihingi ng tulong}. [Qur'an 1:04]**

At mula sa Hadith ng Propeta (ﷺ):

**"At kung ikaw ay humingi ng tulong, dapat humingi ng tulong sa Allah lamang."[1]**

1 Ang Hadith na ito ay bahagi ng mahabang pagsasalaysay ni Propeta Muhammad (ﷺ) nang binigyang aral si Abdullah ibn Abbas ng ganito: "O batang lalaki! Alalahanin mo ang Allah, at ang Allah ay aalalahanin ka. Dumalangin ka sa Allah, at matatagpuan mo Siyang malapit sa iyo. Kung ikaw ay hihingi, humingi sa Allah at kung ikaw ay hihingi ng tulong, hanapin ang tulong ng Allah." [At-Tirmidhi] (M.M.)

**Tanong:** Ano ang katibayan na ang paghingi ng proteksiyon (pangangalaga) sa Allah ay isang uri ng pagsamba?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{Sabihin mo (O, Muhammad ﷺ): Ako'y humihingi ng pangangalaga sa Rabb (Panginoon) ng sangkatauhan, na Hari ng sangkatauhan}. [Qur'an 114:01-02]**

**Tanong:** Ano ang katibayan na ang paghingi ng saklolo (kalinga at pagpapakupkop) sa Allah ay isang uri ng pagsamba?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{(Tandaan!) Nang inyong hingin ang saklolo (paglingap at pagpapakupkop) sa inyong Rabb (Panginoon), at Siya ay tumugon sa inyo (na nagsasabing): Katotohanan, kayo ay Aking palalakasin (o daragdagan ng kawal) sa pamamagitan ng isang libong mga anghel na nagkakasunuran (sa isa't isa)}. [Qur'an 8:09]**

**Tanong:** Ano ang katibayan na ang pagkatay (ng hayop) ay isang uri ng pagsamba?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{Sabihin mo [O Muhammad (ﷺ)]: Katotohanan, ang aking Salah (pagdarasal), ang aking pagkatay (ng mga hayupan), ang aking buhay at ang aking kamatayan ay para sa Allah, ang Rabb (Panginoon) ng lahat ng nilalang. Siya ay walang katambal. At yaon ang ipinag-utos sa akin, at ako ang una sa mga Muslim (Sumusuko at Tumatalima sa Allah)}. [Qur'an 6:162-163]**

Sa Hadith, ang Propeta (ﷺ) ay nagsalaysay:

**"Isinusumpa ng Allah ang sinumang nag-alay (nagkatay ng hayop) para sa iba bukod sa Allah."**

**Tanong:** Ano ang katibayan na ang panata ay isang uri ng pagsamba?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:





**{Sila yaong tumutupad sa (kanilang) panata, at natatakot sa Araw[1] na ang kasamaan nito ay maging laganap (sa lahat ng dako)}. [Qur'an 76:07]**

**Tanong:** Ano ang pangalawang pangunahing batayan?

**Sagot:** Ang magkaroon ng tamang kaalaman tungkol sa relihiyong Islam at mga katibayan nito mula sa Banal na Qur'an at sa Hadith (salaysay) ng Sugo ng Allah (ﷺ).

**Tanong:** Ano ang **Islam?**

**Sagot:** Ang **Islam** ay ang ganap na pagsuko sa Allah sa Kanyang pagiging Tanging Isang Diyos at ang pagtupad sa Kanyang mga kautusan nang may tapat na pagsunod, at ang lubusang pagtalikod sa **Shirk** (pagbibigay katambal sa Allah) at sa mga gumagawa o tagasunod nito.

**Tanong:** Ilan ang antas ng Islam?

**Sagot:** Ang Islam ay may tatlong antas: **Islam, Iman** at **Ihsan**.

**Tanong:** Ilan ang haligi ng Islam?

**Sagot:** May limang haligi ang Islam. Ito ay ang mga sumusunod:

1. **Ash-Shahadah** (ang pagsasaksi o pagpapahayag ng **"Laa ilaaha illallaah Muhammadan Rasulullaah"** (Walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah at si Muhammad ay Sugo ng Allah).
2. **As-Salah** (ang pagsasagawa ng pagdarasal ng limang ulit sa maghapon).
3. **Az-Zakah** (ang pamamahagi ng katungkulang kawanggawa).
4. **As-Sawm** (ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadhan).
5. **Al-Hajj** (ang pagsasagawa ng Pilgrimahe sa Makkah).

**Tanong:** Ano ang katibayan ng Shahadah (Pagpapahayag ng walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah)?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{Ang Allah ay sumaksi na tunay ngang walang diyos (na dapat**

1 Ang tinutukoy na Araw dito ay ang Araw ng Pagkabuhay-Muli. (M.M.)

**sambahin) maliban sa Kanya, at [sumasaksi rin] ang mga anghel at yaong mga nagtataglay ng kaalaman; Siya ang nagpapanatili ng Katarungan (sa Kanyang mga nilikha). Walang diyos (na dapat sambahin) maliban sa Kanya; ang Ganap na Makapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan}. [Qur'an 3:18]**

**Tanong:** Ano ang kahulugan ng **"Laa ilaaha illallaah"?**

**Sagot:** Ang kahulugan ay: **Walang diyos (na dapat sambahin) maliban sa Allah.**

**Tanong:** Ano ang ipinahihiwatig ng **"Laa ilaaha"** (Walang diyos)?[1]

**Sagot:** Ang ipinahihiwatig ng **"Laa ilaaha"** ay ang lubos na pagtanggi o pagtakwil sa lahat ng huwad o diyus-diyusan na sinasamba bukod sa Allah.

**Tanong:** Ano naman ang ipinahihiwatig ng **"Illallaah"** (maliban sa Allah)?

**Sagot:** Ito ay nagpapahiwatig ng matibay na paninindigan na ang pagsamba ay nararapat lamang ialay sa Allah, na wala Siyang katambal o kaugnay sa sinuman o anupaman sa pagsamba. Gayundin, Siya ay walang kasama, katambal o kasalo sa Kanyang Kapangyarihan, Kapamahalaan [maging sa larangan ng pag-uutos at paglikha].

**Tanong:** Ano ang ibig sabihin ng paksang binanggit sa itaas upang ganap na maipaliwanag ang kahulugan nito?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{At (tandaan), nang si Ibrahim (Abraham) ay nagsabi sa kanyang ama at mga kalipi: Katotohanang, ako ay malaya (walang kinalaman) sa mga bagay na inyong sinasamba, maliban sa Kanya na lumikha sa akin. Sapagka't katiyakang ako ay Kanyang papatnubayan. At ginawa niya itong Salita[2] na mananatili magpakailanman, baka sakaling sila ay magsipagbalik}. [Qur'an 43:26-28]**

1 Ang katanungang ito at ang mga sumunod na katanungan ay nangangahulugan ng ganap na pagsaksi ng pananampalataya na maaaring hatiin sa dalawang bahagi: Ang unang bahagi ay nagsasaad ng pagtatakwil o pagtalikod sa lahat ng diyus-diyusan na sinasamba bukod sa Allah. At ang ikalawang bahagi naman ay nagsasaad ng pagpapakatibayan na ang lahat ng uri o pamamaraan ng pagsamba ay nararapat na iukol lamang sa Tanging Tagapaglikha, ang Allah.

2 May nagsasabi na ang "Salita" ay tumutukoy sa **"Shahadah"** (Laa ilaaha illallaah) o pagpapahayag ng pananampalataya, ang Islam. Ibn Kathir (M.M.)





Sinabi pa Niya:

**{Sabihin mo [Muhammad (ﷺ)]: O, angkan ng Kasulatan, halina kayo sa isang salita na sadyang makatarungan sa pagitan namin at sa inyo: na wala tayong sasambahin maliban sa Allah, na hindi tayo magbibigay ng anumang katambal sa Kanya at huwag tayong magtakda sa isa't isa sa atin bilang panginoon bukod pa sa Allah. At kung sila ay magsitalikod, inyong sabihin: Kayo ay sumaksi na kami ay mga Muslim (sumusuko at tumatalima sa Allah)}. [Qur'an 3:64]**

**Tanong:** Ano ang katibayan sa pagpapahayag ng **"Muhammadan Rasulullaah"** (Si Muhammad ay Sugo ng Allah)?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{Katotohanang may dumating sa inyo na isang Sugo (Muhammad (ﷺ) mula sa inyong sariling (lahi), nakakapagpalumbay sa kanya ang anumang nagpapahirap sa inyo. Siya ay nagmamalasakit para sa inyo (na kayo ay matuwid na mapatnubayan), siya ay puspos ng kabaitan at maawain sa mga sumasampalataya}. [Qur'an 9:128]**

At sinabi pa Niya:

**{Si Muhammad (ﷺ) ay Sugo ng Allah, at ang kanyang mga kasamahan (tagasunod) ay matitigas (at mababagsik) laban sa mga di-naniniwala. (Nguni't), sila ay mahahabagin sa isa't isa…}. [Qur'an 48:29]**

**Tanong:** Ano ang kahulugan ng pagpapahayag ng **"Muhammadan Rasulullaah"** [Si Muhammad (ﷺ) ay Sugo ng Allah]?

**Sagot:** Ito ay nangangahulugan na dapat sundin si Propeta Muhammad (ﷺ) sa kanyang mga kautusan, paniwalaan ang lahat ng kanyang mga balita at iwasan ang lahat ng kanyang ipinagbabawal, at sambahin ang Allah nang ayon sa kanyang itinakdang pamamaraan ng pagsamba.

**Tanong:** Ano ang katibayan tungkol sa **Salah, Zakah** at kung ano ang kahulugan ng **Tawheed** (Monoteismo)?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{At walang ipinag-utos sa kanila maliban na sila ay sumamba sa Allah, nang buong katapatang pananampalataya sa Kanya, Hunafa (lumihis sa mga huwad na pananampalataya), at magsagawa ng Salah**

**(pagdarasal), at magbigay ng Zakah (katungkulang kawanggawa). At iyan ang matuwid na relihiyon}. [Qur'an 98:05]**

**Tanong:** Ano ang katibayan sa Pag-aayuno?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{O kayong mga nanampalataya! Ipinag-utos sa inyo ang Sawm (Pag-aayuno)[1] katulad ng pagka-utos sa mga nauna sa inyo, baka sakaling kayo ay magkaroon ng tunay na pagkatakot (sa Allah)}. [Qur'an 2:183]**

**Tanong:** Ano ang katibayan ukol sa **Hajj** bilang haligi ng Islam?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{At tungkulin ng sangkatauhan para sa Allah ang (pagsasagawa ng) Hajj (Pilgrimage) sa Tahanan (Ka`bah) sa sinumang may kakayahang gumugol papunta rito; datapuwa't sinuman ang nagtakwil nito, katotohanang ang Allah ay Tigib ng Pagpapala (hindi nangangailangan ng tulong) mula sa (Kanyang) mga nilikha}. [Qur'an 3:97]**

**Tanong:** Ano ang ikalawang antas ng Relihiyon (Islam)?

**Sagot:** Ang **Iman (Paniniwala).**

**Tanong:** Ilan ang sangay ng **Iman**?

**Sagot:** Ang **Iman** ay mayroong higit sa pitumpung (70) mga sangay. Ang pinakamataas ay ang pagpapahayag ng **"Laa ilaaha illallaah"** at ang pinakamababa ay ang pag-alis ng mga nakapipinsalang bagay sa mga dinadaanan ng mga tao. Ang pagkakaroon ng **Haya**[2] (pagiging mahiyain o kimi) ay isang sangay ng **Iman**.

**Tanong:** Ilan ang Haligi ng **Iman**?

**Sagot:** Ang **Iman** (Paniniwala) ay binubuo ng anim na haligi:

1 Ang pag-aayuno ay pag-iwas sa pagkain, pag-inom at pakikipagtalik mula sa madaling araw (pagsapit ng Salah sa Fajr) hanggang sa paglubog ng araw (pagsapit ng Salah sa Maghrib).

2 Ang **Haya** ay isang salitang Arabik na ang malapit na kahulugan ay ang pagkakaroon ng katangian ng pagiging tahimik, kimi, mahiyain, mahinhin, malumanay at pinong pag-uugali, kilos at pananalita. [Ito ay karagdagang paliwanag ng Tagasalin sa wikang Pilipino].





1. Ang Paniniwala sa Allah.
2. Ang Paniniwala sa Kanyang mga Anghel.
3. Ang Paniniwala sa Kanyang mga Kasulatan.
4. Ang Paniniwala sa Kanyang mga Sugo at Propeta.
5. Ang Paniniwala sa Araw ng Paghuhukom.
6. Ang Paniniwala sa Tadhana (mabuti man ito o masama).

**Tanong:** Ano ang katibayan tungkol sa nabanggit na mga paksa?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{Hindi isang Birr (pagiging mabuti at matuwid) na inyong ibaling ang inyong mga mukha sa dakong silangan at kanluran (sa pagdarasal) bagkus, ang Birr ay nasa kanya na naniwala sa Allah, at sa huling araw, at sa mga anghel, at sa Aklat, at sa mga propeta, at namahagi ng yaman sa kabila ng masidhing pagmamahal niya rito…}. [Qur'an 2:177]**

**Tanong:** Ano ang katibayan tungkol sa Tadhana?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{Katotohanan, Aming nilikha ang lahat ng bagay na may kaukulang Tadhana (o Kahihinatnan)}. [Qur'an 54:49]**

**Tanong:** Ano ang ikatlong antas ng Relihiyon (Islam)?

**Sagot:** Ang **Ihsan.**

**Tanong:** Ano ang **Ihsan**?

**Sagot:** Ang Ihsan ay **"Ang sambahin ang Allah na para bang nakikita Siya. Bagaman hindi Siya nakikita, Siya ay nakakikita sa iyo." [Al-Bukhari at Muslim]**

**Tanong:** Ano ang katibayan tungkol sa nabanggit na paksa?

**Sagot:** Ang Banal na Salita ng Allah mula sa Qur'an:

**{Katotohanan, ang Allah ay lagi nang kasama ng mga Muttaqun (may tunay na takot sa Kanya) at mga Muhsinun (mapaggawa ng kabutihan)}. [Qur'an 16:128]**

Sinabi pa Niya:

**{At magtiwala ka [O Muhammad (ﷺ)] sa [Allah], ang Ganap na Makapangyarihan, ang Maawain. Na nakakakita sa iyo habang ikaw ay bumabangon.[1] At sa iyong mga galaw kasama ng mga nagpapatirapa. Katotohanan! Siya ang Lubos na Nakakarinig, ang Maalam}. [Qur'an 26:217-220]**

At sinabi pa Niya:

**{At maging anuman ang iyong kalagayan [O Muhammad (ﷺ)], at anumang bahagi ng Qur'an ang iyong binibigkas, bagkus wala kayong nagagawa na isang gawain (mabuti man o masama) maliban na Kami ay Saksi sa inyo (habang ito ay inyong ginagawa)…}. [Qur'an 10:61]**

**Tanong:** Ano ang katibayan mula sa **Sunnah**, tungkol sa tatlong antas ng Islam?

**Sagot:** Ang dakilang **Hadith** tungkol sa Anghel Jibril (Gabriel) na isinalaysay ni Umar bin Al-Khattab na nagsabi: **"Habang kami ay nakaupo sa tabi ng Sugo ng Allah (ﷺ), may isang tao na puting-puti ang kasuotan at itim na itim ang buhok ang lumapit sa amin. Walang nakikitang bakas ng kapaguran (sa paglalakbay) at hindi nakikilala ng sinuman sa amin. Siya ay umupo sa harap ng Propeta (ﷺ) na ang kanyang tuhod ay nakadikit sa tuhod ng Propeta (ﷺ), inilagay niya ang kanyang mga kamay sa dalawang hita ng Propeta (ﷺ) at nagsabi. "O, Muhammad, sabihin mo sa akin ang tungkol sa Islam. Siya (ﷺ) ay nagsabi: "Ang Islam ay pagsasaksi na walang ibang diyos (na dapat sambahin) maliban sa Allah at si Muhammad (ﷺ) ay Kanyang Sugo, ang pagsasagawa ng Salah, ang pagbibigay ng Zakah, ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadan at pagsasagawa ng Hajj sa Banal na Tahanan (Ka'bah) sa kaninumang may kakayahan. At siya (Jibril) ay sumang-ayon (at nagsabi): "Tama ka." Si Umar ay nagpatuloy sa pagsasalaysay. Kami ay namangha sa kanya (Jibril); sapagka't tinatanong niya ang Propeta (ﷺ) at pagkaraan ay sinang-ayunan. Siya (Jibril) ay muling nagtanong:**

1 Mula sa higaan upang magsagawa ng dasal sa gabi na mag-isa.





**"Sabihin mo sa akin kung ano ang Iman?" Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: "Ito ay ang paniniwala sa Allah, sa Kanyang mga Anghel, sa Kanyang mga Aklat, sa Kanyang mga Propeta, sa Araw ng Paghuhukom at sa Qadar (Tadhana), maging ito man ay mabuti o masama." Siya (Jibril) ay nagtanong:**

**"Sabihin mo sa akin kung ano ang Ihsan?" Siya (ﷺ) ay nagsabi. "Ang pagsamba sa Allah na para bang nakikita mo Siya. Bagaman hindi mo Siya nakikita, Siya ay nakakikita sa iyo." Siya (Jibril) ay nagtanong:**

**"Sabihin mo sa akin ang tungkol sa Oras (ng Katapusan ng Mundo)?" Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: "Ang tinatanong ay mas higit na hindi nakakaalam kaysa sa nagtatanong." Siya (Jibril) ay nagtanong:**

**"Sabihin mo sa akin kung ano ang mga palatandaan nito?" Siya (ﷺ) ay nagsabi: "Kapag ang babaing alipin ay nagsilang ng kanyang amo[1] at kapag nakita mo ang mga nakayapak, mga nakahubad na pastol[2] ng tupa na nakikipagpaligsahan sa pagpapatayo ng mga nagtataasang gusali." Siya (Jibril) ay lumisan, at pagkaraan ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi kay Umar: "Umar, alam mo ba kung sino yaong nagtatanong?" Ako ay sumagot. "Ang Allah at ang Kanyang Sugo (ﷺ) ang higit na nakaaalam." Siya (ﷺ) ay nagsabi: "Iyon ay si Jibril (Gabriel), siya ay dumating upang kayo ay turuan ng mga paksa ng inyong relihiyon." [Muslim]**

**Tanong:** Ano ang ikatlong pangunahing batayan?

**Sagot:** Ang makilala ang ating Propeta Muhammad (ﷺ) na anak ni Abdullah, na siyang anak ni Abdul Muttalib, na anak ni Hashim, mula sa Angkan ng Quraish, isang tribu ng mga Arabo, at ang mga Arabo ay mula sa lahi ni (Propeta) Ismael, ang anak ni Ibrahim (Propeta Abraham).

1 Ang tinutukoy dito ay yaong aliping babae na nakipagtalik sa kanyang amo (master) at nagdalang-tao at nagsilang ng isang sanggol na kanyang magiging amo. Kung dumating ang panahon na manahin ng bata ang yaman ng ama at kabilang dito sa yaman ay ang kanyang ina na alipin ng kanyang ama. Samakatuwid, ang bata ay magiging amo ng kanyang sariling ina.(M.M.)

2 Ito, ayon kay An-Nawawi ay tumutukoy sa mahirap na bedouin na kapagdaka'y naging mayaman at nakikipagpaligsahan sa pagtayo ng matatayog o matataas na gusali. (M.M.)

**Tanong:** Ilang taong gulang si Propeta Muhammad (ﷺ)?

**Sagot:** Animnapu't tatlong taon (63) gulang. Ang unang apatnapung taon (40) ay noong bago siya hinirang bilang Propeta at ang sumunod na dalawampu't tatlong taon (23), siya ay nahirang bilang Propeta at Sugo. Siya ay hinirang na maging Propeta nang ang Surah "Iqra" (Kabanata [96]) ay ipinahayag sa kanya at hinirang na maging Sugo nang ang Surah Al-Muddath-thir (Kabanata [74]) ay ipinahayag sa kanya. Ang kanyang sinilangang bayan ay ang Makkah [sa Saudi Arabia].

**Tanong:** Ano ang kanyang tungkulin? Bakit siya isinugo ng Allah?

**Sagot:** Isinugo siya ng Allah upang ituro ang wastong pamamaraan ng **Tawheed** (Kaisahan ng Allah) at magbigay-babala tungkol sa **Shirk** (pagbibigay katambal sa Allah).

**Tanong:** Ano ang katibayan tungkol sa nabanggit na paksa?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{O Ikaw [Muhammad (ﷺ)] na nagbabalot (ng balabal)! Bumangon ka at magbigay ng babala! At ipagbunyi mo ang [papuri ng] iyong Panginoon! At dalisayin mo ang iyong kasuutan! At iwasan mo ang marumi![1] At huwag kang magbigay ng kabutihang-loob upang tumanggap nang higit [para sa iyong sarili]. At para sa iyong Panginoon, ikaw ay [matutong] magtiis}. [Qur'an 74:01-07]**

**Tanong:** Ano ang ipinahihiwatig ng: **{Bumangon ka at magbigay-babala}?**

**Sagot:** Ang **magbigay-babala** laban sa **Shirk** (pagbibigay katambal sa Allah) at ituro ang **Tawheed** (Kaisahan ng Allah at wastong pagkilala sa Kanya at sa Kanyang Mga Katangian).

**Tanong:** Ano ang ipinahihiwatig ng: **{Dakilain ang iyong Panginoon at dalisayin mo ang iyong kasuotan}?**

**Sagot:** Luwalhatiin (at purihin) ang iyong **Rabb** (Panginoon) sa pamamagitan ng pagpapahayag ng Kanyang pagiging Isang Tanging Tunay na Diyos at linisin ang iyong mga gawain laban sa **Shirk** (pagtatambal sa Allah).

1 Ang tinutukoy na marumi dito ay tulad ng mga pang-iidolo at masamang pag-uugali.





**Tanong:** Ano ang ipinahihiwatig ng: **{Iwasan mo ang marumi}?**

**Sagot:** Ang itakwil ang mga idolo sa pamamagitan ng pagtalikod at pag-iwas sa mga ito at sa mga sumasamba nito.

**Tanong:** Ilang taon nagtagal ang pagbibigay ng mensahe ni Propeta Muhammad (ﷺ) tungkol sa kautusang nabanggit sa itaas?

**Sagot:** Sampung taon, (at) pagkaraan nito, siya ay itinaas sa kalangitan **(Mi'raj)** na kung saan ang limang ulit na pagdarasal ay iniutos sa kanya. Pagkaraan nito, siya ay inatasang magsagawa ng Hijrah (paglikas patungong Madinah).

**Tanong:** Ano ang **Hijrah?**

**Sagot:** Ito ay ang paglikas (paglisan o pandarayo) mula sa bayan ng **Shirk** (mga nang-iidolo) patungong bayan ng Islam, at paglisan mula sa pook na nangingibabaw ang **Bid'ah** (makabagong katuruan) tungo sa pook na kung saan isinasagawa ang **Sunnah [ng Propeta (ﷺ)]**.

**Tanong:** Ano ang kapasiyahan ng Islam tungkol sa **Hijrah** (Paglikas o pandarayo)?

**Sagot:** Ito ay tungkuling nararapat na isagawa ng mga Muslim na nagkataong nasa bayan ng pinagpupugaran ng **Shirk** na lumisan mula rito tungo sa bayan ng Islam, at mula sa pook ng **Bid'ah**[1] tungo sa pook ng **Sunnah.**[2] Ito ay mananatiling may bisa hanggang sumikat ang araw mula sa kanluran (na ibig sabihin hanggang sa katapusan ng mundo).

1 **Bid`ah** - Ito ay binubuo ng lahat ng gawain at ritwal na ginagawa ng sinumang Muslim na hindi ipinag-utos ng Allah at hindi rin ginawa ng Kanyang Sugo (ﷺ). Ang mga ganitong uri ng gawain at ritwal ay umaakay upang ang isang Muslim ay maligaw ng landas. Halimbawa ng **Bid`ah**: Maraming bansang Muslim o pangkat ng Muslim ang nagdiriwang sa kaarawan ni Propeta Muhammad (ﷺ). Ito ay hindi naaayon sa aral ng Islam at hindi ito ipinag-utos ni Propeta Muhammad (ﷺ). Kaya, ito ay itinuturing na isang **Bid`ah**.

2 **Sunnah** - Ito ay kinabibilangan ng lahat ng gawain, tradisyon, pag-uugali, mga aral, payo, mga salita at pangyayaring sinang-ayunan ni Propeta Muhammad (ﷺ). Ang Sunnah ng Propeta (ﷺ) ang siyang nagbibigay daan upang matamo ang higit pang antas ng Iman at kasiyahan ng Allah sa Kanyang mga alipin. Ang Sunnah ng Propeta (ﷺ) ay matatagpuan mula sa mga Hadith (Salaysay) na tinipon ng mga mapananaligang kasamahan ng Propeta (ﷺ) noong siya ay nabubuhay pa. Samakatuwid, isang inspirasyon para sa isang Muslim ang isakatuparan ang mga Sunnah ng Propeta (ﷺ), sapagka't ang lahat ng mga ito ay paglalarawan ng kabutihan at kabanalan.

**Tanong:** Ano ang katibayan tungkol sa nabanggit na paksa sa itaas?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{Katotohanan, sila na binawian ng buhay ng mga anghel (sa labanan sa Bad'r) ay nakagawa ng kamalian sa kanilang sarili, (sapagka't sila ay nanatili kasama ng mga di-nanampalataya, samantalang ipinag-utos sa kanila ang paglikas),[1] sila (mga anghel) ay nagsabi: "Sa anong kalagayan ba kayo noon?" Sila ay nagsabi: "Kami noon ay mahina at inaapi sa kalupaan (sa Makkah)". Sila (mga anghel) ay nagsabi: "Hindi baga naging malawak ang kalupaan ng Allah upang kayo ay makapagsilikas dito?" Silang yaon, Impiyerno ang kanilang magiging hantungan, at napakasama itong hantungan. Maliban sa mga (tunay na) mahihina mula sa mga lalaki, babae at mga bata na walang kakayahan at walang makitang paraan at hindi nalalaman ang daan (sa kanilang patutunguhan). Silang yaon, nawa'y pagkalooban sila ng Allah ng kapatawaran, sapagka't ang Allah ay Lubos na Mapagpaumanhin, Lagi nang Nagpapatawad}. [Qur'an 4:97-99]**

At ang Kanyang sinabi:

**{O, Aking mga aliping nanampalataya! Katotohanan, ang Aking kalupaan ay napakalawak, kaya't Ako lamang ang inyong sambahin}. [Qur'an 29:56]**

**Tanong:** Ano ang dahilan kung bakit inihayag ang dalawang **Ayat** (talata) na nabanggit sa itaas?

**Sagot:** Ang dahilan ng pagkapahayag ng unang **Ayah** (talata) ay sapagka't may mga tao sa Makkah na pumasok sa Islam, nguni't nanatili sa Makkah at hindi sumamang lumikas patungong Madina kay Propeta Muhammad (ﷺ). Karamihan sa kanila ay napasailalim sa pagsubok at nakianib sa mga Mushrik (ng tribung Quraish) na nakipaglaban sa mga Muslim sa Digmaang **Badr**. Hindi tinanggap ng Allah ang kanilang dahilan at ang kanilang parusa ay Impiyerno. Ang pangalawang **Ayah** (talata) ay ipinahayag, sapagka't may mga Muslim sa Makkah na hindi lumikas, nguni't sila ay itinuring pa rin ng Allah bilang mga naniniwala [o Muslim] at sila ay inanyayahang lumikas patungong Madinah.

1 Ayon kay Ibn Abbas, tinutukoy dito yaong mga sumuway kay Propeta Muhammad (ﷺ) sa pamamagitan ng pagtangging lumikas patungo sa Madinah at piniling manatili sa Makkah.




**Tanong:** Ano ang katibayan mula sa **Hadith** na ang kautusan tungkol sa paglikas (**Hijrah)** ay patuloy na mananatili [bilang isang tungkulin]?

**Sagot:** Ang mabuting salita ng Propeta (ﷺ):

**"Ang Hijrah (paglikas) ay hindi magwawakas hanggang hindi magwawakas ang gawang pagsisisi [o pagbabalik-loob] sa Allah. At hindi magwawakas ang pagbabalik-loob sa Allah hanggang hindi sumisikat ang araw sa kanluran." [Ahmad at Abu Daud]**

**Tanong:** Ano ang itinagubilin ni Propeta Muhammad (ﷺ) pagkaraang siya ay manirahan sa Madinah?

**Sagot:** Siya ay nag-utos na isagawa ang mga natitirang batas ng Islam tungkol sa **Zakah, Sawm, Hajj, Adhan** (pagtawag sa Oras ng **Salah**), **Jihad** (pagpupunyagi para sa Landas ng Allah) at iba pang batas ng Islam.

**Tanong:** Gaano siya katagal nabuhay pagkaraan nito?

**Sagot:** Siya ay nabuhay ng sampung taon [sa Madinah] at dito na rin siya namatay, nguni't ang kanyang relihiyon ay mananatiling buhay habang panahon. Walang isang mabuting bagay na hindi niya itinuro sa kanyang mga tagasunod o isang masamang bagay na hindi niya binigyang-babala ang kanyang tagasunod laban dito.

**Tanong:** Anu-ano ang mga mabubuting bagay na kung saan pinatnubayan niya ang kanyang **Ummah** (mamamayan), at anu-ano ang mga masasamang bagay na kung saan siya ay nagbigay babala laban dito?

**Sagot:** Ang mga mabubuting bagay na kung saan pinatnubayan niya ang kanyang mga tagasunod ay ang wastong paniniwala sa Nag-iisang Diyos (**Tawheed**) at wastong pagsamba na binubuo ng lahat ng mga gawain o salitang ikinalulugod at ikinasisiya ng Dakilang Allah. Ang mga masasamang bagay na binigyan niya ng babala ay ang **Shirk** (pagbibigay ng katambal sa Allah) at ang lahat ng mga bagay o gawaing kinamumuhian at ipinagbabawal ng Allah.

**Tanong:** Isinugo ba ng Allah si Propeta Muhammad (ﷺ) sa isang partikular at natatanging angkan lamang o siya ay isinugo sa buong sangkatauhan?

**Sagot:** Isinugo ng Allah si Propeta Muhammad (ﷺ) para sa buong sangkatauhan kaya naman isang tungkulin para sa mga tao at mga Jinn na sila ay buong pusong sumunod at tumalima sa kanya.

**Tanong:** Ano ang katibayan tungkol sa nabanggit na paksa sa itaas?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{Sabihin mo [O, Muhammad (ﷺ)]: "O, sangkatauhan! Katotohanan ako ay Sugo ng Allah para sa inyong lahat …"}. [Qur'an 7:158]**

At ang Kanyang sinabi:

**{At (tandaan)! Nang Aming ipadala sa iyo [O, Muhammad (ﷺ)] ang ilan mula sa [lipon ng mga] jinn na nakikinig sa [pagbigkas ng] Qur'an. At nang sila ay maparoon, sila ay nagsabi: "Makinig kayo nang tahimik!" At nang matapos ito, sila ay nagsibalik sa kanilang mga mamamayan bilang mga tagapagbabala}. [Qur'an 46:29]**

**Tanong:** Binigyan ba ng Allah ng kaganapan ang relihiyong Islam sa panahon ni Propeta Muhammad (ﷺ) o ito ay naging ganap pagkaraan niya?

**Sagot:** Binigyan ng Allah ng kaganapan ang relihiyong Islam sa panahon niya upang wala nang dapat pang idagdag dito pagkaraan niya.

**Tanong:** Ano ang katibayan nito?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{…Sa araw na ito, Aking ginawang ganap para sa inyo ang inyong relihiyon at nilubos Ko ang Aking Biyaya sa inyo at pinili sa inyo ang Islam bilang inyong relihiyon…}. [Qur'an 5:03]**

**Tanong:** Ano ang katibayan tungkol sa kamatayan ng Sugo ng Allah (ﷺ)?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{Katotohanang ikaw [O, Muhammad (ﷺ)] ay mamamatay, kaya katiyakang sila rin ay mamamatay. At pagkatapos, sa Araw ng Pagbabangong Muli tunay na kayo ay magtatalu-talo sa harap ng inyong Rabb (Panginoon)}. [Qur'an 39:30-31]**

**Tanong:** Ang mga tao ba ay mabubuhay muli pagkaraan ng kamatayan?





**Sagot:** Oo. Katotohanang sila ay muling mabubuhay, sapagka't ang Allah ay nagsabi mula sa Banal na Qur'an:

**{Mula rito [sa lupa], kayo ay Aming nilikha, at dito rin, kayo ay Aming ibabalik, at mula rito, kayo ay Aming ilalabas sa ibang [takdang] panahon}. [Qur'an 20:55]**

At sinabi pa Niya:

**{At kayo ay pinausbong ng Allah mula sa lupa [na parang mga halaman] na tumubo. Pagkatapos, kayo ay Kanyang ibabalik dito (sa lupa), at muling ilalabas (sa Araw ng Paghuhukom), na nagsisibangon [mula sa inyong mga libingan)}. [Qur'an 71:17-18]**

**Tanong:** Ang mga tao ba ay papananagutin at pagbabayarin para sa kanilang mga gawa pagkaraang sila ay mabuhay muli o hindi?

**Sagot:** Katiyakan na sila ay mananagot at pagbabayarin (bibigyan ng gantimpala o parusa). Ang katotohanang ito ay binigyang liwanag ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{…Upang Kanyang pagbayarin yaong mga nagpakasama sa kanilang mga ginawa, at (upang) Kanyang gantimpalaan ng ganap na kabutihan yaong mga gumawa ng mabuti}. [Qur'an 53:31]**

**Tanong:** Ano ang kapasiyahan tungkol sa isang hindi naniniwala sa Araw ng Pagkabuhay na Muli?

**Sagot:** Siya ay itinuturing bilang isang **Kafir** (di-naniniwala o walang pananampalataya sa Allah), sapagka't ang Allah ay nagsabi mula sa Banal na Qur'an:

**{Inaakala ng mga nagsitakwil ng pananampalataya na sila ay hindi na kailanman bubuhaying muli (upang papanagutin). Sabihin mo [O, Muhammad (ﷺ)]: "Tunay nga! Ako ay nanunumpa sa aking Rabb (Panginoon), na kayo ay bubuhaying muli, at pagkatapos ay ipababatid sa inyo ang inyong mga ginawa. At iyon ay napakadali para sa Allah"}. [Qur'an 64:07]**

**Tanong:** Ano ang mensahe na ibinigay ng Allah sa Kanyang mga Sugo?

**Sagot:** Ang maghatid ng magandang balita para sa mga nagtataglay ng

wastong paniniwala [o pananampalataya] sa Kaisahan ng Allah na sila ay gagantimpalaan ng Paraiso at ang magbigay ng babala para sa mga nagtatambal sa pagsamba sa Allah na sila ay magdurusa sa kaparusahan sa Impiyerno.

**Tanong:** Ano ang katibayan nito?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{Mga Sugo na naghahatid ng magandang balita at nagbibigay babala upang ang sangkatauhan ay wala nang maipangatwiran pa laban sa Allah, matapos (na maipadala sa kanila) ang mga Sugo. At ang Allah ay Ganap na Makapangyarihan, Tigib ng Karunungan}. [Qur'an 4:165]**

**Tanong:** Sino ang unang Sugo?

**Sagot:** Si Nuh (Noah).

**Tanong:** Ano ang katibayan nito?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{Katotohanang Aming ipinahayag sa iyo [O Muhammad (ﷺ)] ang katulad ng Aming ipinahayag kay Nuh (Noah) at sa mga Propeta na sumunod sa kanya…}. [Qur'an 4:163]**

**Tanong:** Mayroon bang isang pamayanan (o bansa) na iniwan na walang Sugo at hindi ipinadala sa kanila ito upang magbigay aral na sambahin ang Allah lamang at wala nang iba, at (sa gayon) maiwasan ang Taghut[1]?

**Sagot:** Walang pamayanan (o bansa) na hindi pinadalhan ng Sugo para sa kanila. Ito ay isang katotohanan na pinatutunayan mula sa Banal na Qur'an:

**{At katotohanan, Kami ay nagsugo sa bawa't pamayanan ng isang Sugo [na nagpapahayag]: "Sambahin ninyo ang Allah lamang, at iwasan ang mga Thagut (lahat ng diyus-diyusan na sinasamba maliban sa Allah)…}. [Qur'an 16:36]**

**Tanong:** Ano ang Taghut?

**Sagot:** Ito ay kinabibilangan ng lahat ng bagay na sinasamba ng

1 Ang Taghut ay ang anumang bagay na sinasamba maliban sa Allah. (M.M.)



tao bukod sa Allah. Kabilang din yaong mga taong labis-labis na sumusunod, masidhing humahanga at nagbibigay papuri sa kapwa tao.

**Tanong:** Ilan ba ang **Thagut?**

**Sagot:** Marami, nguni't ang kanilang pinuno ay lima.

**Una:** Si **Iblis** (Satanas) na isinumpa ng Allah.

**Ikalawa:** Ang tao na sumasang-ayon na siya ay sambahin.

**Ikatlo:** Ang tao na nanghihikayat sa mga tao upang siya ay sambahin.

**Ikaapat:** Ang tao na nagsasabi na siya ay may kaalaman sa mga bagay na hindi nakikita (unseen world).

**Ikalima:** Ang tao na nagpapatupad ng ibang batas at kanyang pinawawalang-halaga ang batas na ibinigay ng Allah.

**Paalala**: Ipinag-uutos sa mga Muslim na huwag paniwalaan ang mga ito at talikdan ang mga ito at sumunod sa Kalooban ng Allah.

**Tanong:** Ano ang katibayan tungkol sa paksang nabanggit sa itaas?

**Sagot:** Ang Salita ng Allah mula sa Banal na Qur'an:

**{Walang sapilitan sa relihiyon. Katotohanan, ang Wastong Landas ay malinaw na sa maling landas. Kaya't sinuman ang nagtakwil sa mga Taghut (mga diyus-diyusan na sinasamba maliban sa Allah) at naniwala sa Allah ay tunay ngang tumangan siya ng isang matibay na hawakan na hindi nasisira kailanman. At ang Allah ay Lubos na Nakaririnig, Ganap na Nakaaalam}. [Qur'an 2:256]**

Sinabi pa Niya:

**{At katotohanan, Kami ay nagsugo sa bawa't pamayanan ng isang Sugo [na nagpapahayag]: "Sambahin ninyo ang Allah lamang, at iwasan ang mga Thagut (lahat ng diyus-diyusan na sinasamba maliban sa Allah)…}. [Qur'an 16:36]**

At sinabi pa Niya:

**{Sabihin [O Muhammad (ﷺ)]: "O Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano): Halina kayo sa isang salita na sadyang makatarungan sa pagitan namin at sa inyo, na wala tayong dapat sambahin maliban sa Allah, at huwag tayong magtambal ng**

**anupaman sa pagsamba sa Kanya, at huwag nating ituring ang ilan sa atin bilang mga panginoon (na sinasamba) bukod sa Allah." Subali't kung sila man ay magsitalikod, magkagayon, inyong sabihin (sa kanila): "Kayo ay sumaksi na kami ay mga Muslim (sumusuko at tumatalima sa kalooban ng Allah)"}. [Qur'an 3:64]**

At ito ang kahulugan ng:

**"Laa ilaaha illallaah"** (Walang tunay na Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah). Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

**"Ang Islam ay siyang pinakapuno at ang mga haligi nito ay ang Salah (pagdarasal) at ang pinakataluktok nito ay ang Jihad (Pagpupunyagi sa Landas ng Allah)." [At-Tirmidhi]**

Ang Allah ang nakababatid sa lahat.




# ANG APAT NA ALITUNTUNIN

Ako ay dumadalangin sa Allah, ang Mapagpala, ang Panginoon ng Dakilang Trono, na nawa'y pangalagaan kayo dito sa mundo at sa kabilang buhay at pagpalain kayo ng Allah saan man naroroon. Akin ding idinadalangin sa Kanya na gawin kayong katulad ng mga taong kapag nabibigyan ng biyaya, sila ay nagpapasalamat at kung sila ay nagkakaroon ng kasiphayuhan, sila ay nagtitiis. At kung sila ay nagkasala, sila ay humihingi ng kapatawaran. Ito ang mga katangian ng tunay na kahulugan ng kaligayahan.

Dapat alamin, nawa'y patnubayan kayo ng Allah sa pagsunod sa Kanya, na sa katotohanan, ang **Hanifiyah**, ang relihiyon ni Propeta Ibrahim (Abraham) ay naglalayong sambahin ang Allah [tanging Siya lamang] at maging matapat sa Kanya.

Ang Dakila at Kataas-taasang Allah ay nagsabi:

**{At hindi Ko nilikha ang Jinn at ang Tao maliban na Ako ay kanilang sambahin (lamang)}. [Qur'an 51:56][1]**

Kung nalalaman mo na nilikha ka lamang ng Allah upang sumamba sa Kanya lamang, dapat mong malaman na ang pagsamba ay nagiging tunay at ganap kung ito ay may lakip na pananampalataya sa Kaisahan ng Allah. Katulad din ng **Salah** na hindi maaaring magkabisa kung ito ay walang kasamang **Wudu'** (paglilinis o paghuhugas ng ilang bahagi ng katawan). Kapag ang **Shirk** (pagtatambal sa Allah) ay ginagawa, ang gawang pagsamba ay nawawalan ng kabuluhan, katulad din sa **Wudu'** na kapag nagawa ang isa sa mga nagpapawalang bisa nito ay nawawalan ng kabuluhan.

1 Si Ibn Kathir ay nagpaliwanag sa bersikulong ito ng ganito: "Aking nilikha lamang sila upang pag-utusan silang sumamba sa Akin, hindi dahil sa kailangan Ko sila."

**{Hindi nararapat sa mga Mushrik (nagtatambal sa Kaisahan ng Allah) na mangalaga ng mga Masjid (bahay-dalanginan) ng Allah habang sila ay saksi sa kanilang sarili ng kanilang kawalan ng pananampalataya. Silang yaon, ang kanilang mga gawain ay nawalan ng saysay. At sa Apoy sila ay mananatili roon}. [Qur'an 9:17]**

Kung napag-alaman mo na ang **Shirk** (pagtatambal sa Allah) ay sumisira sa anumang gawang pagsamba at ginagawang walang kabuluhan ito, ang taong gumagawa nito ay nabibilang sa mga mananahan ng Impiyerno. Ang kaalaman tungkol dito ay isa sa pinakamahalagang tungkulin na dapat gampanan. Nawa'y iligtas ka ng Allah mula sa pagbibigay katambal sa Kanya. Ang Makapangyarihang Allah ay nagsabi:

**{Katotohanan, hindi pinatatawad ng Allah ang [kasalanan ng] pagbibigay katambal sa Kanya [sa pagsamba], datapuwa't pinatatawad Niya ang (ibang kasalanan) bukod dito sa sinumang Kanyang naisin ...}. [Qur'an 4:116]**

**Ang kaligtasan sa Apoy ng Impiyerno ay matatamo kung nalalaman ang apat na alituntunin na binanggit ng Allah sa Kanyang Banal na Aklat (Qur'an).**

## ANG UNANG ALITUNTUNIN

Ang mga **Kafir** (mga di-naniniwala) na lumaban o sumasalungat kay Propeta Muhammad (ﷺ) ay kumikilala sa Allah bilang Tagapaglikha, Tagapanustos at Siyang may Tangan ng lahat ng pangyayari, subali't ang mga ito ay hindi itinuring bilang mga Muslim (na ang ibig sabihin, ang kanilang pagkilala sa Allah bilang Panginoon ay hindi sapat upang sila ay tawaging mga Muslim. Sila ay dapat mag-alay ng tapat na pagsamba sa Allah). Ito ay binigyang katibayan ng Allah mula sa Banal na Qur'an na nagsabing:

**{Sabihin mo [O Muhammad (ﷺ)]: "Sino ang tumutustos sa inyo (ng inyong ikabubuhay) mula sa langit at sa lupa? O sino ba ang nagmamay-ari ng pandinig at paningin? At sino ba ang nagpapaluwa ng buhay mula sa patay at nagpapaluwa ng patay mula sa buhay? At sino ba ang namamahala sa lahat ng pangyayari?" Katiyakang sila ay magsasabi: "Ang Allah". Kaya sabihin: "Hindi ba kayo natatakot (sa kaparusahan ng Allah)?"}. [Qur'an 10:31]**



## ANG IKALAWANG ALITUNTUNIN

Ang mga **Mushrik** (nagtatambal sa Allah) ay nagsabi:

**{Walang dahilan ng pagsamba namin sa kanila kundi upang kami ay higit nilang mailapit sa Allah nang pagkalapit-lapit...} [Qur'an 39:03]**

Ang katibayan na ang paghingi ng paraan sa mga itinuturing na santo at diyus-diyusan upang mapalapit sa Allah ay isang **Shirk** (gawang pagtatambal sa Allah) ay ang Salita ng Allah:

**{...At sila na nagtalaga ng mga Auliya' (tagapagtangkilik at tagapangalaga) bukod pa sa Kanya (ay nagsasabi): "Walang dahilan ng pagsamba namin sa kanila kundi upang kami ay higit nilang mailapit sa Allah nang pagkalapit-lapit." Katotohanang ang Allah ay hahatol sa pagitan nila tungkol sa anumang hindi nila pinagkakasuduan. Katotohanan, ang Allah ay hindi namamatnubay sa sinumang sinungaling, na walang pananampalataya}. [Qur'an 39:03]**

At ang katibayan ng pamamagitan (**intercession**) sa mga idolo at humingi ng tulong at katuparan ng kanilang mga kahilingan o mithiin at ang mga idolong ito ay ginagawa nilang tagapamagitan sa Allah ay itinuturing bilang isang **Shirk** na isinalaysay ng ganito:

**{At bukod sa Allah, sila ay sumasamba sa iba na hindi naman nakapagbibigay sa kanila ang mga ito ng kasamaan, ni ng kapakikinabangan nila, bagkus sila ay nagsasabing: "Sila ang aming mga tagapamagitan sa Allah." Sabihin [O, Muhammad (ﷺ)]: Ipinaaalam ba ninyo sa Allah na hindi Niya nababatid ang mga bagay na nasa mga kalangitan at sa kalupaan? Kaluwalhatian at Kataas-taasan sa Kanya sa lahat ng mga itinatambal nila sa Kanya!}. [Qur'an 10:18]**

May dalawang uri ng pamamagitan (**intercession**); (1) ang walang-bisang pamamagitan at. (2) ang tunay na pamamagitan. Ang walang-bisang pamamagitan ay ang paghingi ng tulong sa iba bukod sa Allah para sa kanilang pangangailangan, nguni't walang makapagbibigay katuparan nito maliban sa Allah. Ang katibayan nito ay ang Salita ng Allah:

**{O, kayong mga nanampalataya! Gumugol kayo (sa kawanggawa) mula sa mga biyayang ipinagkaloob Namin sa inyo, bago dumating ang Araw na wala nang kalakalan dito, walang pagkakaibigan at pamamagitan. At ang mga di-naniniwala, sila ang mga mapaggawa ng kamalian}. [Qur'an 2:254]**[1]

At ang tunay na pamamagitan (**intercession**) ay ang pamamagitang tuwirang hinihingi sa Allah. Ang pamamagitan na pinahihintulutan ng Allah ay binigyan ng karangalan na maging tagapamagitan at ang taong pamamagitanan ay isang taong ang mga gawa at pananalita ay ikinasisiya o kinalulugdan ng Allah. Ang ganitong pamamagitan ay

1 Sa paliwanag ni Ibn Kathir, siya ay nagsabi: "Ang Allah ay nagbigay kautusan sa Kanyang mga alipin na gumugol at magkawanggawa mula sa biyayang Kanvang ipinagkaloob sa kanila upang makatipon ng mga gantimpala at pagpapala mula sa kanilang Panginoon. At dahil dito, sila ay dapat magmadali sa paggawa ng kabutihan bago dumating ang Araw ng Pagkabuhay na muli na kung saan walang kaibigan o pakiusapan ang makakatulong sa bawa't isa." Walang sinuman ang makapagpapalaya sa sarili, ni walang pagbabayad ang maaaring gawin, kahit na gumugol pa ng kasing halaga ng ginto nang buong mundo at maging ang kamag-anakan ay walang magagawa, sapagka't ang Allah ay nagsabi: {At kapag ang trumpeta ay hinipan, wala ng ugnayang kamag-anakan sa pagitan nila sa Araw na iyon at walang sinuman ang makapagtatanong sa isa't isa}. [**Qur'an** 23:101]
Kaya, walang pamamagitan sa mga nararapat pamagitanan.
"At ang mga di-naniniwala" sila ang mga taong hindi makatarungan o makasalanan nang higit pa kaysa sa isang lumapit sa Allah sa Araw na iyon bilang walang pananampalataya. Si Atab Dinar ay nagsabi: Ang pagpupuri ay sa Allah na Siyang nagsabi: {Ang mga di-naniniwala ay ang mga mapaggawa ng kasamaan}, at hindi Niya sinabi: Ang mapaggawa ng masama ay ang walang paniniwala. Ang Allah ang tanging nakababatid .i.e walang sinuman ang magtatangkang mamagitan sa Allah nang walang kapahintulutan, sapagka't ang Allah ay Makapangyarihan, Ganap na Dakila at Kagila-gilalas. Ang Hadith tungkol sa Pamamagitan (Intercession), ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Ako ay mauuna sa Araw ng Paghuhukom at ako ay magpapatirapa sa ilalim ng Trono. Mananatili ako sa ganitong kalagayan hanggang marapatin ng Allah, pagkaraan ay sasabihin: {Itaas ang iyong ulo at sabihin; ikaw ay pakikinggan, mamagitan at ang iyong pamamagitan ay tatanggapin"}. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Pagkaraan, ako ay pahihintulutang mamagitan para sa takdang bilang ng tao at sila ay tatanggapin sa Paraiso." Ang Allah ang nakaaalam. Ang dahilan para sa sinabi ni Atab Dinar ay isang katotohanan na bawa't walang pananampalataya ay makasalanan, nguni't hindi lahat ng makasalanan ay walang pananampalataya. Ang ibang mananampalataya ay maaaring magkasala sa paggawa ng kasalanan, nguni't sila ay mananatiling mananampalataya at ang Iman ay mamamalagi sa kanila. Ang Allah ang nakaaalam. (M.M.)



maaaring hingin sa Allah lamang, sapagka't ito ay nakaukol lamang sa Kanya. Ang sinumang humingi ng pamamagitan sa iba at hindi sa Allah ay nakagawa ng pagkakasalang **Shirk** (o pagtatambal sa Allah), samakatuwid walang kabuluhan ang kanyang layunin at inilagay lamang ang kanyang sarili sa kapahamakan (kasalanan). Tinatanggap lamang ng Allah ang malinis at wagas na pananampalataya sa Kanyang Kaisahan at pinahihintulutan lamang ang pamamagitan sa mga matibay na pinanghahawakan ang Tawheed (Paniniwala sa Tanging isang Diyos-Allah) bilang kanilang pananampalataya. Ang Dakilang Allah ay nagsabi sa Banal na Qur'an:

**{…Sino nga ba ang makapamamagitan sa Kanya malibang Kanyang pahintulutan?…}. [Qur'an 2:255]**

Sinabi pa Niya:

**{…At sila ay hindi makapamamagitan maliban sa sinumang Kanyang naibigan…}. [Qur'an 21:28]**

At sinabi pa rin Niya:

**{Sabihin [O, Muhammad (ﷺ)]: "Sa Allah lamang ang lahat ng pamamagitan"…}. [Qur'an 39:44]**

## ANG IKATLONG ALITUNTUNIN

Si Propeta Muhammad (ﷺ) ay dumating sa gitna ng mga mamamayang watak-watak ang pananampalataya. Ang ilan sa kanila ay sumasamba sa mga Anghel, ang ilan naman ay sumasamba sa mga Propeta o mga tinaguriang santo at ang iba naman ay sumasamba sa punongkahoy o bato at mayroon ding sumasamba sa araw at buwan. Nguni't ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nakipaglaban sa kanila nang walang pagtatangi-tangi sa ilang pangkat o sa iba pa. Ang katibayan nito ay ang Salita ng Allah:

**{At makipaglaban kayo sa kanila hanggang hindi naging ganap ang paglaho ng Fitnah (pagtatambal sa Kaisahan ng Allah), at ang lahat ng pagsamba ay sa Allah na lamang…}. [Qur'an 8:39]**

At ang katibayan tungkol sa araw at buwan; (katibayan na ang pagsamba sa araw at buwan at sa mga bituin at planeta, at ang paniniwala na ang

mga ito ay may malaking impluwensiya dito sa mundo ay itinuturing na Shirk). Ang Allah ay nagpahayag mula sa Banal na Qur'an:

**{At kabilang sa Kanyang mga Tanda ay ang gabi at umaga (maghapon), ang araw at buwan. Huwag kayong magpatirapa sa araw at sa buwan. Bagkus magpatirapa lamang kayo sa Allah na lumikha sa kanila, kung kayo nga ay tunay na sumasamba sa Kanya (lamang)}. [Qur'an 41:37]**

Ang katibayan tungkol sa mga Anghel; (ang katibayan na ang pagsamba sa mga Anghel ay itinuturing na Shirk) ay ang Salita ng Allah:

**{At hindi Niya dapat ipag-uutos sa inyo na ang mga Anghel at mga Propeta ay gawin ninyong mga panginoon (diyos)…}.[1] [Qur'an 3:80]**

At ang katibayan tungkol sa mga Propeta; (ang katibayan na ang pagsamba sa mga Propeta at pagdalangin sa kanila ay itinuturing na Shirk) ay ang Salita ng Allah:

**{At (tandaan) nang ang Allah ay magsabi (kay `Isa-Hesus), "O `Isa (Hesus), na anak ni Maryam (Maria)! Ikaw ba ay nagsabi sa mga tao; na ako at ang aking ina ay gawin ninyong bilang dalawang diyos bukod pa sa Allah? Siya (Hesus) ay magsasabi: Luwalhati sa Iyo (O Allah!) Hindi ko maaaring sabihin ang isang bagay na wala akong karapatang sabihin ito. Kung ito man ay sinabi ko, katiyakang ito ay Iyong nababatid. (Sapagka't) Iyong nababatid ang anumang nasa aking kalooban, samantalang hindi ko batid ang anumang nasa Iyong Kalooban. Katotohanang Ikaw, at Ikaw (lamang) ang nakaaalam sa mga bagay na nakalingid}. [Qur'an 5:116]**

At ang katibayan tungkol sa mga santo; (ang katibayan na ang pagsamba

1 Si Ibn Kathir ay nagbigay paliwanag tungkol sa Ayah (talata) na ito: "Ang Allah ay hindi nagbigay kautusan sa kaninuman na sumamba sa iba maging sa isinugong Propeta o sa Anghel na malapit sa Kanya. Maaari bang magbigay kautusan sa kawalang pananampalataya ang Allah, samantalang inyong isinusuko ang inyong mga sarili sa Kanya? Sa kaso ng mga Propeta, silang lahat ay nagbigay paanyaya na sumamba lamang sa Allah, ang Tanging Nag-iisang Diyos. Ang Allah ay nagsabi: {Wala Kaming ipinadalang Sugo sa inyo na hindi binigyang kapahayagan na walang ibang diyos maliban sa Akin, samakatuwid Ako ay sambahin ninyo}. Si Imam Al-Bukhari ay nag-ulat na si Abdullah ay nagbigay puna tungkol sa naturang Ayah (talata) sa itaas at nagsabi: "Yaon ay mga pangkat ng Jinn na sinamba at pagkaraan ay naging Muslim." Si Abdullah Mas'ud ay nagpaliwanag: "Ang Ayah (talata) na ito ay tumutukoy sa mga pangkat ng Arabo na dati rati ay sumasamba sa Jinn, nguni't nang malaunan sila ay yumakap sa Islam, samantalang hindi ito nalalaman ng mga Jinn." Ang Allah ang Higit na nakaaalam."





sa mga itinuturing na santo at mga mabubuting tao sa pamamagitan ng pagdalangin sa kanila at paghingi ng tulong at ginhawa sa kanila ay itinuturing na Shirk - ang Allah ay malayo at ganap na mataas sa kaninumang itinatambal nila sa Kanya) ay ang Salita ng Allah:

**{Yaong (mga diyus-diyusan) na kanilang pinananalanginan ay naghahangad (din sa kanilang sarili) ng paraan na mapalapit sa kanilang Panginoon, kung sino sa kanila ang higit na malapit, at sila rin ay umaasam ng Kanyang Habag at natatakot sa Kanyang kaparusahan. Katotohanan, ang parusa ng iyong Panginoon ay katakut-takot!}. [Qur'an 17:57]**

At ang katibayan tungkol sa mga punongkahoy at mga bato; (ang katibayan na ang paghingi ng pagpapala sa mga punongkahoy, mga bato, libingan ng mga mabubuting tao, mag-alay ng mga hayop para matupad ang kanilang hangarin at kaginhawahan sa pamamagitan ng paghawak sa mga telang nakakubli sa mga nitso ng mga patay, ay isinasaalang-alang bilang Shirk) ay ang Salita ng Allah:

**{Nakita ba ninyo sina Lat at Uzza (dalawang diyus-diyusan ng mga paganong arabo)? At si Manat, ang pangatlo?}[1] [Qur'an 53:19-20]**

1 Ang Allah ay nagbigay salita sa mga pagano dahil sa kanilang pagsamba sa mga iniidolo at ibang bagay at sila ay nagtayo ng mga templo na inihahawig sa Ka'bah. Ang Ka'bah ay itinayo ni Propeta Ibrahim (Abraham). Ang Lat ay puting bato na may nakaukit dito. Ito ay napapaligiran ng kurtina na may bakuran na dinadalanginan at sinasamba ng mga taga-Taif noong unang panahon. At ang Uzza ay isang punongkahoy na napapaligiran ng isang harang na pinalamutian ng kurtina sa pook na ang tawag ay Nakhlah na nasa pagitan ng Makkah at Taif. Ito ay sinasamba ng mga Quraish. Si Abu Sufyan na noon ay isang pagano ay nagsabi sa mga Muslim sa panahon ng digmaan ng Uhud: "Kami ay may Uzza samantalang kayo ay walang Uzza." Magkagayon, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagbigay utos sa ilang kasamahan nito na sabihin: "Ang Allah ang aming Tagapagtanggol at kayo ay walang tagapagtanggol." Ang Manat naman ay natagpuan ni Qadid sa isang pook na ang tawag ay Mushallil sa pagitan ng Makkah at Madinah. Ito ay sinasamba ng mga tribu ng Khuzah, Al-Aws at Khazraj sa panahon ng Jahiliyah (bago dumating ang Islam). At sila ay nagsisimula ng mga ritwal ng Hajj sa pamamagitan ng pagtungo nila rito bilang tanda ng panimula ng Hajj. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagpadala ng ilang kasamahan niya upang wasakin ang rebultong ito. Si Khalid bin Walid ang inatasang sumira nito at nagsabing: "O, Uzza ako ay hindi naniniwala sa iyo." Walang papuri ang dapat ipagkaloob sa iyo. Nasaksihan ko kung paano ka inalisan ng dangal ng Allah." Ipinadala rin ng Sugo ng Allah (ﷺ) si Al-Mughirah bin Shu'bah at Abu Sufyan upang wasakin naman si Lat. Ginawa nila ito at doon ay nagtayo sila ng isang Masjid sa Taif. At kay Manat ipinadala si Abu Sufyan upang wasakin ito. Mayroon ding nagsabi na si Ali ang sumira nito. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay dumating sa mundo na ang dala ay relihiyon ng katotohanan at tapat na pagsamba sa Allah, at tanging ang Allah lamang ang Siyang karapat-dapat sambahin. Inalis ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang lahat ng masasamang uri ng tradisyon at bawa't gawaing politiesta na maaaring sumira sa malinis na prinsipyo ng Tawheed (Kaisahan ng Diyos).

At ang Hadith ng Propeta (ﷺ) na isinalaysay ni Abu Waqid al-Laythi. Siya ay nagsabi: **[Kami ay sumama sa Sugo ng Allah (ﷺ) sa Digmaan sa Hunain. At kami ay bagong yakap pa lamang sa Islam. At ang mga pagano ay may punongkahoy na tinatawag nilang Zat Anwat na kanilang sinasamba at dito nila itinatali ang kanilang mga sandata upang humingi ng pagpapala mula rito. Nang aming madaanan ito, kami ay nagsabi. "O, Sugo ng Allah (ﷺ), bigyan mo kami ng Zat Anwat na katulad ng kanila." Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Allaahu Akbar! Katotohanan, na ito ay kanilang pamamaraan (kaugalian o nakagawian). Sumusumpa ako sa Allah na Siyang may tangan ng aking buhay, ngayon ay inyong nasabi kung ano ang sinabi ng mga angkan ng Israel kay Musa (Moises): "Igawa mo kami ng isang sinasambang diyos katulad ng kanilang sariling diyos." Siya ay nagsabi: "Katotohanan, kayo ay mga mangmang na mamamayan." Ang Propeta (ﷺ) ay nagpatuloy sa kanyang salita: "Inyong tutularan ang mga nakagawian ng mga naunang mamamayan, sila ay ang mga Hudyo at Kristiyano."**[1]

## ANG IKAAPAT NA ALITUNTUNIN

Ang mga **Mushrik** (nagbibigay katambal sa Allah) sa ngayon ay higit na masama kaysa sa mga M**ushrik** noong nagdaang panahon, sapagka't ang mga naunang politeista (mga nagtatambal sa Allah sa pagsamba) ay laging nagbibigay katambal o kaugnay sa Allah sa oras na sila ay maginhawa, nguni't nagiging tapat sa Allah sa panahon ng panganib [at kahirapan]. Sa kabilang dako, ang mga politeista sa ngayon ay nagbibigay katambal [o kaugnay] sa Allah sa panahon ng kaginhawahan at kahirapan. Ang katibayan nito ay ang Salita ng Allah:

1 At-Tirmidhi. [Ang kasamahan ng Propeta (ﷺ) na gumawa ng kahilingan sa kanya ay bagong yakap sa Islam. Inaakala ng mga bagong Muslim na ang pagkuha sa punongkahoy na ito ay makapagbibigay kasiyahan sa Allah. Ang kanilang layunin ay makapagbigay kasiyahan sa Allah. Sila ay ganap na tapat [sa pananampalataya] para maghimagsik laban sa Propeta (ﷺ) na taliwas sa mga Angkan ng Israel na naghimagsik laban kay Propeta Musa (Moises). Ang nalalabi mula sa tradisyon ay binaggit na may pamumuna sa Aklat ng Tawheed na siyang tungkulin ng mga alipin ng Allah. Tingnan ito at kayo ay masisiyahan sa paliwanag nito. Ang Allah ang higit na nakaaalam].





**{At kapag sila ay nakasakay sa barko, sila ay nananalangin sa Allah nang buong katapatang pananampalataya sa Kanya. Datapuwa't sa oras na sila ay Kanyang maiahon sa kalupaan nang ligtas, pagmasdan, sila ay muli na namang nag-aakibat ng katambal (sa Kanya)!}. [Qur'an 29:65]**

Samakatuwid, makikita natin na marami ang sumasamba sa mga itinuturing na santo at sa mga libingan ng mga mabubuting tao. Sila ay mga tapat sa pagsamba sa mga ito at sila ay dumadalangin sa kanila upang humingi ng tulong sa panahon ng kaginhawaan at kahirapan. Ang karamihan sa kanila ay higit na nagiging matapat at mataimtim sa pagsamba sa kanila lalo na sa oras ng kagipitan o kahirapan. Taliwas sa mga naunang politeista, na sa panahon ng kaginhawahan lamang sila ay nagbibigay katambal sa Allah, nguni't sa panahon ng kanilang kahirapan o kasiphayuhan, sila ay tapat na dumadalangin ng tuwiran at nagpapakumbaba sa Allah. Ngayong panahong ito, ang mga politeista ay patuloy sa kanilang maling pagsamba. Nguni't walang kapangyarihan o lakas (na maaaring baguhin ang mga pangyayari) maliban magmula sa Allah, ang Dakila, ang Kataas-taasan.[1]

Ang Allah ay nagsasabi ng katotohanan, at Siya ang Tanging Isa na nagbibigay ng tamang Patnubay. Ang Allah, Luwalhati sa Kanya, ay nagsabi mula sa Banal na Qur'an:

**{…Sabihin mo: Ano sa palagay ninyo sa mga tinatawagan ninyong bukod pa sa Allah, - kung naisin ba ng Allah na dulutan ako ng kapinsalaan, sila ba ay makapapawi sa pinsalang idinulot Niya sa akin? O kung naisin Niyang igawad sa akin ang habag, maaari ba nilang pigilin ang Kanyang Habag? Sabihin: "Sapat na sa akin ang Allah! Sa Kanya lamang ibinabaling ng mga nagtitiwala ang kanilang pagtitiwala}. [Qur'an 39:38]**

Sinabi pa Niya:

**{Hindi baga (higit na mainam) Siya (Allah) na tumutugon sa isang nagigipit kapag nanalangin sa Kanya, at nag-aalis ng kasamaan**

1 Ito ay panalangin na tinatawag na "Hawqalih" na sinasambit-sambit sa panahon ng panghihina at walang kakayahang baguhin ang masamang kalagayan. Tanging ang Allah lamang ang nakaaalam ng mabuti. (M.M.)

**(kapinsalaan), at nagtatalaga sa inyo bilang mga tagapaghalili ng kalupaan (sa paglipas ng mga salit-saling lahi)? Mayroon pa bang ibang diyos na maaaring iagapay sa Allah? Sadyang kakaunti lamang ang inyong mga pag-aalaala!}. [Qur'an 27:62]**

At sinabi pa Niya:

**{… At yaong inyong mga tinatawagan (dinadalanginan) bukod sa Kanya ay walang pagmamay-ari kahit isang Qitmir (manipis na hibla ng buto ng datiles). Kung mananalangin kayo sa kanila, hindi nila maririnig ang inyong panalangin at kung maririnig man nila ay di rin nila kayang tumugon sa inyo. At sa Araw ng Pagbabangong Muli, itatakwil nila ang pagtatambal ninyo sa kanila (sa Allah). At walang makapagbibigay ng kaalaman sa iyo [O Muhammad (ﷺ)] na katulad Niya na Lubos na Nakababatid (ng lahat ng bagay)}. [Qur'an 35:13-14]**

At bilang karagdagan, sinabi pa Niya:

**{At sino pa ba ang humigit sa pagkaligaw sa yaong nananalangin sa iba bukod sa Allah, sa yaong hindi makatutugon sa kanya hanggang sa Araw ng Pagbabangong Muli, at sila ay walang kamalayan sa kanilang panalangin? At kapag titipunin ang lahat ng tao, sila (yaong mga sinasamba bukod sa Allah) ay magiging kaaway nila, bagkus itatanggi nila ang ginagawang pagsamba ng mga ito sa kanila}. [Qur'an 46:05-06]**

Ang Allah, ang Siyang Tanging Isa na nagbibigay ng Patnubay sa Tamang Landas. Walang kapangyarihan o kakayahan maliban sa pamamagitan Niya.




# ANG MGA PINANININDIGANG PANINIWALA NG MGA SALAF AS-SALIH (Mga Sinaunang Mabubuting Muslim)

Pagkaraan ng mga paunang salita, ako ay magpapatuloy, ako ay naniniwala (at nananalig) na ang Allah ay Tanging Nag-iisang Diyos, maliban sa Kanya ay wala ng iba, ang Tanging Panginoong Makapangyarihan (**As-Samad**)[1], hindi Siya nagkaanak at hindi rin Siya ipinanganak. Walang ibang dapat sambahin maliban sa Kanya. Sinuman ang nag-alay ng anumang gawang pagsamba bukod sa Allah ay tinataguriang isang **Kafir** (di-naniniwala sa Allah at sa Kanyang Sugo).[2]

Ang **Ibadah** (pagsamba) ay isang kahulugan na sumasaklaw sa lahat ng bagay na minamahal ng Allah sa salita man o sa gawa katulad ng limang haligi ng Islam, pagdalangin o pagdulog sa Kanya, pag-asa ng Kanyang Awa, pagkatakot sa Kanya, pagtitiwala sa Kanya, pagtupad sa mga pangako at panata at iba pang uri ng pagsamba. Ako ay nananalig na ang Allah, ay malayo sa anumang kakulangan, at Siya ay Ganap sa lahat ng Katangiang Kanyang iniakibat o itinaguri sa Kanyang Sarili o itinaguri sa Kanya ng Propeta (ﷺ). At Siya ay tinawag sa mga Banal na Pangalan na Kanyang ipinangalan sa Kanyang Sarili at Kanyang itinuro sa Kanyang Huling Sugo at Propeta na si Muhammad (ﷺ). Ang

1 Ang **Samad** ay isa sa magandang pangalan ng Allah. Ito ay binanggit sa **Qur'an,** kabanata (112). Ito ay nagpapahiwatig ng mga sumusunod: Na ang Allah ang Panginoon na Siyang Tanging inaasahan ng lahat at ang pagsunod ay dapat sa Kanya lamang ipagkaloob, na kung wala Siyang Kapahintulutan ang anumang pangyayari o gawain ay hindi matutupad. Siya ang Tanging Isang Panginoon, at Tanging Nag-iisang Tagapaglikha ng lahat. Lahat ng bagay ay sa Kanya umaasa at bawa't nilikha ay umaasa sa Kanya upang mabuhay. Lahat ng bagay ay nagpapahiwatig ng Kanyang pagiging Ganap na Nag-iisang Diyos. (M.M.)

2 **Mushrik**- Isang taong sumasamba sa mga diyus-diyusan, estatwa, larawang inanyuhan, at iba pa. Siya ay walang pananampalataya at pananalig sa Tanging Manlilikha at Nag-iisang Tunay na Diyos- ang Allah.

Magagandang Pangalan at Ganap (Kasukdulang Antas) na Katangian ay tunay at makatotohanan at hindi ito mga talinhaga. Ang mga katangian ng Allah na kinabibilangan ng pagpapaimbabaw Niya sa Kanyang Trono, ay nangangahulugan na, Siya ay pumaimbabaw sa Trono na hindi binigyan ng paghahambing, pagkakatulad o pagkakahawig sa kaninumang nilikha. Ang Allah ay nagsabi:

**{Ang Mahabaging [Allah] ay pumaitaas sa ibabaw ng (Kanyang) Luklukan}. [Qur'an 20:05]**

Karagdagan nito, ang Salita ng Allah ay walang hanggan at hindi nalilikha na binibigkas sa iba't ibang pagkakataon.

Isinalaysay ng mga naunang mabubuting paham na Muslim na ang Allah ay ganap sa Katangiang Pananalita at Siya ay nagsasalita kung kailan Niya naisin. Sa Kanyang salita- itong Banal na Qur'an na narinig ng Anghel Jibril (Gabriel) mula sa Kanyang Panginoon ay tuwiran na walang namagitan at ipinanaog kay Propeta Muhammad (ﷺ), sa titik at kahulugan para sa pagsasakatuparan ng lahat ng pagsamba at ito ay walang maitutulad[1]. Sa madaling salita, ang Banal na Qur'an ay hindi salita ng Anghel Jibril o kaya ni Propeta Muhammad (ﷺ) kundi ito ay Salita ng Nag-iisang Diyos- ang Allah na Kanyang binigkas sa titik at tinig. Binigkas Niya ang Banal na Qur'an sa titik at tinig tulad ng pagkabigkas Niya ng salita nang panahong kausap Niya si Propeta Musa (Moises), nang ang huli ay lumapit sa isang puno:

**{Katotohanan, Ako ang iyong Panginoon. Kaya, hubarin mo ang iyong sapatos; tunay na ikaw ay nasa banal na lambak ng Tuwa}. [Qur'an 20:12]**

Maging sa Araw ng Pagkabuhay na Muli, tatawagin ng Allah ang lahat ng Kanyang alipin (tao) sa isang tinig na mapakikinggan sa kalayuan at sa malapitan na nagsasabing: **"Ako ang Hari. Ako ang Tagapagsingil."** Sa ganito ring paraan, ang Allah ay magsasalita sa Kanyang mga Sugo o Anghel o kahit kaninumang Kanyang naising makausap o di kaya ibaba sa kanila ang Kanyang mga Aklat ng Kapahayagan na naglalaman

1 Ang **Qur'an** ay naglalaman ng mga Salita ng Allah na hindi matutularan ng sino pa man. Ang mga paganong Arabo ay hindi nakagawa ng kahit isang talatang katulad ng talata ng Banal na Qur'an.





ng Kanyang mga Salita, sapagka't ang Banal na Katangian Niya sa pananalita ay katulad din ng mga Katangian Niya na hindi nalilikha (uncreated)[1].

Katotohanan din na ang Allah, Luwalhati sa Kanya, ay mayroon ding Katangian ng Pagmamahal,[2] Kasiyahan,[3] Pagkasuklam o Pagkamuhi,[4] Pagbaba o Pagpanaog,[5] Pagbibigay ng buhay at kamatayan, ang Kasiyahan Niya sa Kanyang aliping[6] (taong) nagbabalik loob at nagsisi ng kasalanan at ang Allah na ganap na malayo sa anumang kakulangan, ay matatanaw ng mga naniniwala o mananampalataya at nananalig sa Kanya sa Araw ng Paghuhukom sa kanilang sariling mga mata.

Ang mga Katangiang ito ay hindi mga talinhaga kundi tunay na totoo tulad ng pagpakatibayan ng Banal na Qur'an at Sunnah. Ang Makapangyarihang Allah ay nagsabi:

1 Ang Salita ng Allah ay isa sa Kanyang Katangian, at ang Kanyang mga Katangian, katulad ng Kanyang Diwa, ay hindi nalilikha at Walang Hanggan. Ang ibig sabihin: ang Kanyang Salita ay hindi katulad ng Kanyang mga nilikha na isinilang at nilikha sa ilalim ng Batas ng panahon, sapagka't Siya ay walang pagbabago at hindi magbabago at ang Kanyang diwa ay hindi nasasakop ng anumang pangyayari.

2 Maraming Ayat (talata) sa Banal na Qur'an na malinaw na nagpapahiwatig na ang Allah ay may Katangian ng Pagmamahal: [**Qur'an** 2:190-195], [**Qur'an** 2:222]. (M.M.)

3 Ang Katangian ng Kasiyahan ay matutunghayan sa 12 Ayat (talata) ng Banal na Qur'an, [**Qur'an** 3:15], [**Qur'an** 5:02], [**Qur'an** 9:21], **Qur'an** [48:29], at [**Qur'an** 59:20].

4 Ang Katangiang pagkasuklam o pagkamuhi ay matutunghayan sa [**Qur'an** 9:46] at [**Qur'an** 17:38].

5 Si Abu Hurairah ay nagsalaysay na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Ang ating Panginoon, ang Mapagpala, ang Kataas-taasan ay nananaog sa pinakamababang antas ng kalangitan sa huling ikatlong bahagi ng bawa't gabi at nagsasabing: "Sino ang nagsusumamo sa Akin upang Aking ipagkaloob ang kanyang pagsusumamo? Sino ang humihingi sa Akin upang ibigay ko ang kanyang kahilingan? Sino ang humihingi ng kapatawaran upang siya ay Aking patatawarin?" [Al-Bukhari] (M.M.)

6 Si Abdullah bin Mas'ud ay nagsalaysay na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Ang Allah ay higit na nasisiyahan sa pagbabalik-loob at pagsisisi ng Kanyang alipin (tao) kaysa sa isang alipin (tao) na naglalakbay sa lupaing disyerto nang may panganib, at ang kanyang hayop na sinasakyan ay puno ng mga kabuhayan. Ang taong ito ay namahinga at nakatulog at pagkaraan ay nagising at natagpuan ang kanyang hayop ay nawawala. Naging matindi ang init ng araw at siya ay nakadama ng matinding pagkauhaw. (Sa pag-akalang hindi niya ito matagpuan), siya ay nagpasiya: "Ako ay babalik sa aking lugar." Siya ay muling nahiga at naidlip ng ilang sandali; nang siya ay magising, iniangat niya ang kanyang ulo at kanyang natanaw ang kanyang alagang hayop sa kanyang tabi." [Al-Bukhari]. Ang ibang salaysay tungkol sa nabanggit na tradisyon ay tinipon ni Imam Muslim at nagsalaysay siya ng ganito: "Nang makita niya ang kanyang hayop, ang tao ay napabulalas sa labis niyang kagalakan: "O, Allah, Ikaw ang aking alipin, at ako ang Iyong Panginoon." Nadulas ang kanyang dila (nagkamali ng pagsambit) nang dahil sa matinding galak na kanyang nadama sa pagbabalik ng kanyang hayop.

**{Sabihin [O, Muhammad (ﷺ)]: Siya ang Allah, ay Tanging Nag-iisa. Ang Allah, ang Sandigan (sa lahat). Hindi Siya nagkaanak at hindi rin Siya ipinanganak. At sa Kanya ay walang anumang makatutulad (at makapapantay)}. [Qur'an 112:01-04]**

Ito ang matatag na batayang aming pinanghahawakan at ibinabantayog bilang tanda ng pagsunod sa Allah, ang pagbibigay galang sa Kanyang mga Pangalan at Katangian na hindi mababanaagan ng anumang pagkakahalintulad, pagkakahawig sa paggalang na angkop lamang para sa kaninumang tao.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi rin:

**{…Walang anumang bagay ang katulad Niya; at Siya ang Lubos na Nakaririnig, ang Lubos na Nakakikita}. [Qur'an 42:11]**

Kami ay sumasaksi na si Muhammad (ﷺ) ay Kanyang Alipin at Sugo para sa sangkatauhan at maging sa mga Jinn, at siya ay nagpalaganap ng mensahe ng Islam. Binigyan niya ng katuparan ang kanyang tungkuling ipinagkatiwala sa kanya, pinatnubayan niya ang kanyang Ummah (mamamayan) nang buong katapatan at nanatiling nakikipaglaban para sa Landas ng Allah hanggang binigyang kaganapan ng Allah ang relihiyong Islam sa pamamagitan niya. Ang Allah ay nagsabi mula sa Banal na Qur'an:

**{…Sa araw na ito, Aking ginawang ganap ang inyong relihiyon para sa inyo, at nilubos Ko ang Aking biyaya para sa inyo, at pinili Ko ang Islam bilang inyong relihiyon…}. [Qur'an 5:03]**

At pagkaraan nito, binawian siya ng buhay ng Allah at pinagkaloob sa kanya ang pinakamataas na kalagayan sa Paraiso. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay lumisan sa mundong ito at maging sa kanyang mga mamamayan ay lilisan din. Walang sinuman ang magkakaroon ng ganap na Iman (pananamplataya) hanggang ang kanyang mga pagnanasa, adhikain ay hindi umaayon sa mensahe na pinalaganap ng Propeta (ﷺ) at hangga't hindi niya minamahal ang Propeta (ﷺ) nang higit sa kanyang sarili, sa kanyang mga anak at sa lahat ng sangkatauhan. Ang pagmamahal sa Sugo ng Allah (ﷺ) ay isang pagpapahiwatig ng pagsunod sa kanyang mga kautusan, ang paniniwala sa kanyang mga pahayag at pag-iwas sa lahat ng kanyang ipinagbabawal. Ito ay nangangahulugan din ng pagsamba sa Allah sa paraang kanyang ipinag-utos at sinang-ayunan.





Si Muhammad, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay hindi dapat itaas, o bigyan ng labis na papuri nang higit sa antas na ipinagkaloob sa kanya ng Allah. Siya ay hindi dapat dinadasalan upang hingan ng tulong.

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: **"Ang panalangin ay siyang pagsamba." [Abu Daud at At-Tirmidhi]**

At sinabi rin niya: **"Katotohanan, hindi ako ang dapat hingan ng tulong; [kundi] sa Allah [kayo humingi at magsikhay ng tulong], Siya ang Nag-iisang dapat hingan ng tulong (o pagdamay)."**

Ang paghingi ng tulong mula sa Sugo ng Allah (ﷺ) o kahit sa kaninumang mabuting tao ay katumbas ng (kasalanang) **Shirk**, isang gawang pagtatambal sa Allah sa pagsamba. Gayundin, ang pagdalangin sa iba bukod sa Allah upang makatanggap ng mga biyaya o makapag-alis ng mga masasama sa pamamagitan ng mga ito, pag-alay ng mga hayop para sa kanila, ay nagpapahiwatig ng **Shirk** (pagbibigay katambal sa Allah) kahit na ito ay kinabibilangan ng mga litanya o dasal. Ang mga ito ay itinuturing bilang isang uri ng **Shirk** at isang dahilan upang mapaligaw sa tamang landas. Ang mga gawaing ito ay walang mga batayan mula sa Aklat ng Allah (ang Qur'an). Ang Allah ay nagsugo ng mga Propeta upang maiwasan at alisin ang ugat ng idolatriya at linisin ang puso mula sa kasalanang ito. Walang lakas at kapangyarihan maliban sa Allah, ang Kataas-taasan, ang Dakila.

Kami ay naniniwala (at nananalig) na ang mga Anghel at ang mga Banal na Kasulatan ay totoo, ang mga Propeta ay totoo, ang Pagkabuhay na Muli pagkaraan ng kamatayan ay totoo. Ang Paraiso ay totoo at ang Impiyerno ay totoo. Kami ay naniniwala rin na ang **Timbangan**[1] ay totoo, at ang **Hawdh**[2] ng Propeta (ﷺ) ay totoo; sinuman ang uminom mula rito ay hindi makararanas ng pagkauhaw. Subali't pagkakaitan

1 Ito ang **Timbangan** na siyang batayan ng pagsusuri ng masama at mabuting gawa ng tao sa Araw ng Paghuhukom. (M.M.)

2 Ang **Hawdh** ay isang ilog ng Sugo ng Allah (ﷺ). Ito ang ilog na kung saan ang mga mabubuting mananampalataya ay pagkakalooban ng inumin sa Araw ng Paghuhukom. Ito ay tinatawag ding "Al-Kawthar". (M.M.)

mula rito ang mga **Murtad** (nagtakwil at tumalikod sa Islam pagkaraang yakapin ang Islam) at ang mga taong nagsagawa ng **Bid'ah** (mga pagbabago sa relihiyon).

Kami ay naniniwala sa **Qadar** (kinahinatnan o tadhana) maging mabuti man o masama. Kami ay naniniwala na ang pamamagitan ni Propeta Muhammad (ﷺ) at maging ng lahat ng mga Propeta at ng mga mabubuting tao ay totoo, nguni't ito ay magaganap lamang kung pahintulutan ng Allah. Siya ay nagsabi mula sa Banal na Qur'an:

**{…Sino nga ba ang makapamamagitan sa Kanya malibang Kanyang pahintulutan?…}. [Qur'an 2:255]**

At Siya (Allah) ay nagsabi rin:

**{…At hindi sila makapamamagitan maliban sa sinumang Kanyang kinalugdan…}. [Qur'an 21:28]**

At ang ating Propeta (ﷺ) ang siyang unang tagapamagitan at siya ang una na ang pamamagitan (**intercession**) ay tatanggapin. Mayroong natatanging pamamagitan na siya lamang ang pagkakalooban. Ang una rito ay ang tinatawag na "al-Maqam al-Mahmud" o ang tinatawag na "Pinagkakapuring Antas" na ninanais din ng ibang mga Propeta at Sugo. Ang ikalawa ay ang pamamagitan upang iahon ang kanyang tagasunod mula sa Impiyerno[1]. Ang ikatlo ay ang pamamagitan ng pagpapalaya at pag-ahon ng kanyang mga tagasunod mula sa Impiyerno at ang pagpasok sa Paraiso pagkaraang sila ay maging malinis at mapatawad.

Kami ay naniniwala na ang pinakamabuting henerasyon ay ang henerasyon ng Propeta (ﷺ) na naniwala sa kanya (i.e. ang kanyang mga kasamahan). At pagkaraan ay yaong mga sumunod sa kanila nang buong katapatan. Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: **"Ang pinakamabuting henerasyon ay ang aking henerasyon, pagkatapos ay ang mga sumunod sa kanila, pagkatapos ay ang mga sumunod naman sa kanila."**

1 Ang tamang paliwanag dito ay: Ang pamamagitan (intercession) upang iahon mula Impiyerno ang mga nasadlak dito na sanhi ng kanilang mga kasalanan at ito ay hindi lamang nakalaan kay Propeta Muhammad (ﷺ) kundi ang pamamagitang ito ay nakabahagi rin sa iba pang mga Propeta. Ito ay matutunghayan mula sa mga Hadith ng Sugo ng Allah (ﷺ). At yaong nauukol sa Sugo ng Allah (ﷺ) pagkaraan ng Malaking Pamamagitan ay isang pamamagitan tungkol sa pagpasok ng mga tao sa Paraiso katulad ng paliwanag ng naturang Hadith. Gayundin, ang pamamagitan upang gawing magaan ang parusa ng kanyang tiyuhing si Abu Talib. Ang paliwanag na nasa itaas ay mula kay Sheikh **Abdul Aziz bin Abdullah bin Baz**, ang Pangulo ng Presidency of Islamic Researches, Ifta and Propagation. Nawa'y patawarin siya ng Allah at ipagkaloob sa kanya ang tagumpay sa bawa't mabuti niyang gawa.





Kami ay naniniwala (at nananalig) na ang pinakamahusay (pinakamabuti) na salita ay ang Salita ng Allah, ang pinakamabuting patnubay ay ang patnubay ng Propeta (ﷺ), na ang pinakamasamang bagay ay ang mga pagbabago sa gawaing pangrelihiyon, at ang bawa't pagbabago ay (tanda ng) pagkaligaw. Kung hindi lamang sa pangamba ng kahabaan nitong pagpapaliwanag, mailalarawan namin ang mga katibayan ng bawa't katanungan mula sa Banal na Qur'an at sa Sunnah ng Propeta (ﷺ) at maging sa **Ijma'** (pinagkaisang pasiya ng mga naunang mabubuti at paham na Muslim).

Nawa'y patnubayan tayo ng Makapangyarihang Allah sa tuwid na landas sa lahat ng ating mga gawa at salita. Nawa'y pangalagaan tayo mula sa mga pagsubok na nakapagpapaligaw, maging lantad man o nakakubli. Tayo ay dumalangin sa Allah na ipagkaloob sa atin ang katatagan sa pagsunod sa Islam at tulutan Niyang tayo ay mamatay sa kalagayang Islam. Nawa'y ang kapayapaan at pagpapala ng Allah ay ipagkaloob Niya sa ating minamahal na Propeta Muhammad (ﷺ), sa kanyang pamilya at sa lahata ng kanyang mga tagasunod.

Itong batayan ng mga sinaunang mabubuting Muslim - Tagasunod ng **Aqeedah Salafiyah**, ay isinulat ni **Sheikh Mohammad Al-Tayeb bin Ishaq Al-Ansari** sa lungsod ng Al-Madinah Al-Munawarah noong 1358H. Siya ay binawian ng buhay noong 06-07-1363H. Ito ay isang paalala para sa kanya at sa lahat ng magkakapatid na Muslim. Nawa'y pagpalain siya ng Allah.

IslamHouse.com
IslamHouseTl Tagalog.IslamHouse islamhouse.com/tl/
user/IslamHouseTl

For more details visit
www.GuideToIslam.com
GUIDE TO ISLAM

contact us :Books@guidetoislam.com
GuidetoIslam.org Guidetoislam1 Guidetoislam www.Guidetoislam.com

المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة
هاتف: ٩٦٦١١٤٤٥٤٩٠٠+ فاكس: ٩٦٦١١٤٩٧٠١٢٦+ ص ب: ٢٩٤٦٥ الرياض: ١١٤٥٧
ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH
P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 TEL: +966 11 4454900 FAX: +966 11 4970126